

Kaya huwag mong ikahiya ang patotoo ng ating Panginoon ni ako mismo na bilanggo para sa kanya. Sa halip, makibahagi ka rin sa mahirap na gawaing pang-Ebanghelyo sa tulong ng lakas ng Diyos. Siya ang nagligtas sa atin, at hinirang niya tayo sa banal na pagtawag, hindi sa bisa ng ating mga gawa kundi sa kanyang sariling balak at kagandahang-loob. Bago pa magsimula ang panahon, ibinigay na ang kagandahang-loob na ito sa atin kay Kristo Jesus, ngunit ngayo'y ibinunyag sa pagpapakita ni Kristo Jesus na ating Tagapagligtas. Pinuksa nga niya ang kamatayan at pinagliwanag ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Ebanghelyo.

Ebanghelyo: Mateo 17:1-9

Pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus sina Pedro, Jaime at ang kapatid nitong si Juan, at umakyat na sila lamang ang kasama sa isang mataas na bundok. Nagbago ang anyo ni Jesus sa harap nila: nagningning gaya ng araw ang kanyang mukha at kuminang na puting-puti ang kanyang damit gaya ng liwanag. At napakita sa kanila sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus.

Kaya nagsalita si Pedro at sinabi niya: “Panginoon, mabuti at narito tayo. Kung gusto mo, gagawa ako ng tatlong kubol: isa para sa iyo, isa para kay Moises, at isa para kay Elias.”

Nagsasalita pa si Pedro nang takpan sila ng isang makinang na ulap. At mula sa ulap ay narinig ang salitang ito: “Ito ang aking Anak, ang Minamahal, ang aking Hinirang; pakinggan ninyo siya.”

Nang marinig iyon ng mga alagad, napasubsob sila sa lupa, na takot na takot. Ngunit nilapitan sila ni Jesus at hinipo, at sinabi: “Tumayo kayo, huwag matakot.” At pagtingala nila, wala silang nakita liban kay Jesus. At sa pagbaba nila mula sa bundok, inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin kaninuman ang pangitain hanggang maibangon ang Anak ng Tao mula sa mga patay.”



“Ito ang aking Anak, ang Minamahal, ang aking Hinirang; pakinggan ninyo siya.”

DATE OF ESTABLISHMENT: 2018, San Pedro Calungsod Mission Area

Pagmamasiid

Madalas nakikita ko ang aking sarili na nagbabago, hindi sa pisikal na anyo, kundi sa pananaw at pag-uugali.

Paghahawi

Sa isang mataas na bundok, nakita nina Pedro, Santiago, at Juan ang mukha ni Jesus nagningning gaya ng araw, ang Kanyang damit puting-puti gaya ng liwanag, at kausap sina Moises at Elias. Mula sa ulap, narinig nila: “Ito ang aking Anak, ang Minamahal, ang aking Hinirang; pakinggan ninyo siya.”

Pagtatabas

Kung kasama ako ng tatlong apostol, ano ang mararamdaman ko?

Pagsasaayos

Mahalaga at nagpapalakas ng aking pananampalataya kay Jesus at sa Ama ang pagbabagong-anyo ni Jesus. Nagbibigay ito ng katiyakan sa ating mga Kristiyano na si Jesus ang tunay na Tagapagligtas, at magiging tagumpay ang Kanyang misyon.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, turuan Niyo akong maging katulad Niyo, upang maging karapat-dapat na lingkod Niyo.



Unang Pagbasa: Daniel 9:4b-10

Dumalangin ako kay Yawe, ang aking Diyos, at nagsagawa ng ganitong pangungumpisal: "Panginoong Diyos na dakila at dapat katakutan, iniingatan mo ang iyong Tipan at pag-ibig para sa mga umiibig sa iyo at tumutupad sa iyong kautusan. Nagkasala kami, hindi naging makatarungan, naghimagsik at tumalikod sa iyong mga kautusan. Hindi namin pinakinggan ang iyong mga lingkod, ang mga propetang nagsalita sa pangalan mo sa aming mga hari, pinuno, ninuno at lahat ng tao sa lupain.

Ikaw ang makatarungan, Panginoon, ngunit kami ang dapat mahiya gaya ng sa araw na ito, kaming mga taga-Juda, mga mamamayan ng Jerusalem sa buong Israel, malapit o malayo man, sa lahat ng lupaing pinagtapunan mo sa amin dahil sa pagtataksil namin sa iyo. Amin ang kahihiyan, Panginoon, yamang nagkasala kami sa iyo, pati ang aming mga hari, mga prinsipe, at mga magulang.

At nasa Panginoon naman ang pagpatawad at pagkahabag ng aming pinaghimagsikan. Hindi namin pinakinggan ang tinig ni Yawe na aming Diyos; hindi namin tinupad ang batas na ibinigay niya sa amin sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod na propeta.

Ebanghelyo: Lucas 6:36-38

Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain.

Huwag kayong humatol, at hindi kayo hatulan; huwag ninyong sumpain ang sinuman, at hindi kayo susumpain; magpatawad kayo, at kayo'y patatawarin. Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan – isang saganang takal, siksik, liglig at umaapaw ang mabubuhos sa inyong kandungan. Sapagkat susukatin kayo sa sukatang ginagamit ninyo."

Pagmamasid

Madalas kong naririnig ang paghatol at away ng mga tao tungkol sa pagkakamali ng iba.

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain... susukatin kayo sa sukatang ginagamit ninyo."

Pagtatabas

Paano tayo maging maawain sa ating kapwa?

Pagsasaayos

Ayon kay Jesus, iwasan ang humatol, upang hindi mahatulan. Huwag sumpain ang kapwa, at hindi tayo susumpain. Magpatawad tayo, at patatawarin tayo. Magbigay tayo, at bibigyan tayo, siksik, liglig at umaapaw. Hindi mahihigitan ang bukas na palad ng Diyos sa ating lahat na nilikha Niya.

Parang napakadaling makita ang kapintasan ng ibang tao, ngunit mahirap makita ang ating pagkakamali. Ang pag-iwas sa paghatol sa kapwa, isang hamon at mahalagang hakbang tungo sa mapayapang mundo. Sa halip na humatol, makabubuti ang maging mapagpatawad at maunawain sa kapwa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming iwasan ang humatol sa iba, tungo sa magandang ugnayan sa kapwa.

IKA-2 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 2 / (Ube/Puti)

Santa Katarina Drexel

Salmo 50:8-9, 16bk-17, 21 at 23

Ang masunurin sa Diyos
ay sasagipin n'yang lubos.



Unang Pagbasa: Isaias 1:10, 16-20

Dinggin ang babala ni Yawe, mga pinuno ng Sodom. Dinggin ang aral ng ating Diyos, bayan ng Gomorra. Maghugas kayo at maglinis ng sarili. Ilayo ninyo sa aking paningin ang kasa-maan ng inyong mga gawa. Itigil ang paggawa ng masama. Matutong gumawa ng tama, at hanapin ang katarungan, pagbawalan ang mga nang-aapi, harapin ang daing ng mga ulila, at ipagtanggol ang mga biyuda.

"Halika," sabi ni Yawe, "magpaliwanagan tayo. Gaano man kapula ang inyong mga kasalanan, papuputiin ang mga iyon na parang niyebe; kahit na simpula man ng dugo, magiging parang lana. Kung handa kayong makinig, mga bunga ng lupa'y inyong kakanin. Subalit kung susuway kayo at maghihimagsik, ang tabak ang sa inyo'y kakain." Ito nga ang sabi ni Yawe.

Ebanghelyo: Mateo 23:1-12

At sinabi ni Jesus sa mga tao at sa kanyang mga alagad: "Ang mga guro ng Batas at mga Pariseo ang umupo sa puwesto ni Moises. Pakinggan at gawin ang lahat nilang sinasabi pero huwag silang pamarisan, sapagkat nagsasalita sila pero hindi naman ginagawa. Naghahanda sila ng mabibigat na pasanin at ipinapatong sa mga balikat ng mga tao. Ngunit hindi nila ikinikilos ni isang daliri para galawin ang mga iyon. Pakitang-tao lamang ang lahat nilang ginagawa; dahil dito, malalapad na laso ng Kasulatan ang gusto nila para sa kanilang noo, at mahahabang palawit sa kanilang balabal. Gusto nilang mabigyan ng pangunahing lugar o upuan sa mga piging at sa sinagoga. Ikinatutuwa rin nilang mabati sa mga liwasan at matawag na guro ng mga tao.

Huwag kayong patawag na *guro* sapagkat iisa lamang ang Guro ninyo at magkakapatid kayong lahat. Huwag din ninyong tawaging *ama* ang sinuman sa mundo sapagkat iisa lamang ang inyong Ama, siya na nasa Langit. Huwag din kayong patawag na *gabay* sapagkat iisa lamang ang inyong Patnubay, si Kristo. Maging alipin ninyo ang pinakadakila sa inyo. Sapagkat ibababa ang nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Joselito S. Sarabia, CM

Pagmamasisid

Marami ba sa paligid natin ang nagpapakataas ng sarili at ibinababa ang iba?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga tao at alagad: "... ibababa ang nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa."

Pagtatabas

Paano ko iiwasan ang pagtataas ng sarili at pagbaba ng kapwa?

Pagsasaayos

Ang pagtataas ng sarili at pagbaba ng kapwa nagdudulot ng sama ng loob, paglayo ng kapwa, o away. Kung laging tatandaan na lahat tayo anak ng Diyos Ama, nilikhang kawangis Niya, na may dignidad, maiiwasan ang pagbaba o panlalait kaninuman.

Maiiwasan ang pagmataas at pag yapak ng dignidad ng kapwa, kung iisipin natin na ipinahiram lamang sa atin ng Diyos bilang katiwala ang lahat na meron tayo. Ibinigay sa atin, upang ibahagi sa iba, lalo na sa aba.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa lahat ng biyaya Niyo. Patawad sa mga sandali na itinaas namin ang sarili at ibinaba ang kapwa. Gabayan Niyo kami na maging mapagkumbaba, igalang ang kapwa, at ibahagi ang biyaya Niyo, lalo na sa nangangailangan.



Unang Pagbasa: Jeremias 18:18-20

Sinabi nila: "Halikayo, magsabwatan tayo laban kay Jeremias. Hindi nga mapapawi ang Batas dahil sa pagkawala ng isang pari; hindi tayo magkukulang ng isang pantas para magpayo o ng isang propeta para magsalita. Tayo na, paratangan natin siya at saktan sa halip na pakinggan ang kanyang sinasabi." Pakinggan mo ako, O Yawe! Dinggin ang sinasabi ng mga nagpaparatang sa akin. Sinusuklian ba ng masama ang mabuti? Bakit sila gumawa ng hukay para sa akin? Alalahanin mong ipinagdasal ko sila upang huwag kang mapoot sa kanila.

Ebanghelyo: Mateo 20:17-28

Nang umakyat si Jesus sa Jerusalem, isinama niya ang Labindalawa, at habang nasa daan ay sinabi niya sa kanila: "Papunta na tayo sa Jerusalem. Doon ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-pari at mga guro ng Batas na maghahatol sa kanya ng kamatayan. Kaya ibibigay nila siya sa mga pagano para pagtawanan, haguipitin at ipako sa krus. Ngunit babangon siya sa ikatlong araw."

Lumapit noon kay Jesus ang ina nina Jaime at Juan kasama ng dalawa niyang anak, at lumuhod sa harap niya para makiusap. Tinanong siya ni Jesus: "Ano ang ibig mo?" At sumagot siya: "Narito ang dalawa kong anak. lutos mong maupo ang isa sa iyong kanan at ang isa naman sa iyong kaliwa sa iyong Kaharian."

Sinabi ni Jesus sa magkapatid: "Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Maiinom ba ninyo ang kalis na iinum ko?" Sumagot sila: "Kaya namin." Sumagot si Jesus: "Totoong inom din kayo sa aking kalis, ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa. Para sa mga hinirang ng Ama ang mga lugar na iyon."

Nang marinig ito ng sampu, nagalit sila sa magkapatid. Kaya tinawag sila ni Jesus at sinabi: "Alam ninyo na sinusupil ng mga naghahari ang kanilang mga bansa at inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Hindi naman ganito sa inyo: ang may gustong maging dakila, siya ang maging lingkod ninyo; ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo. Gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Peter C. Hequilan, CM

Pagmamasid

Naging pinuno ba ang mga lider natin, upang maglingkod at hindi paglingkuran?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus sa mga apostol: "...dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran, kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami."

Pagtatabas

Paano natin matutularan si Jesus bilang pinunong-lingkod?

Pagsasaayos

Marami marahil ang nais o tumakbong maging pinuno, hindi upang maglingkod, kundi upang paglingkuran. Mabuting halimbawa ang tatlong taong pamumuno ni Jesus sa Kanyang mga alagad at tagasunod. Hindi Siya makasarili, isinabuhay Niya ang Kanyang mga turo at aral, at inalay ang Kanyang buhay para sa ating kaligtasan.

Inaalala ng pinunong-lingkod ang kabutihan ng karamihan ng kanyang grupo sa pagbuo ng bisyon, misyon at mga layunin ng grupo. Isa siyang mabuting halimbawa sa pagtupad ng mga ito sa gawain ng grupo.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa matularan ka bilang pinunong-lingkod ng mga lider sa buong mundo, tungo sa kaunlaran, kapayaan, at kabutihan ng sanlibutan.

IKa-2 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 2 / (Ube)

Salmo 1:1-2, 3, 4 at 6

Mapalad ang umaasa
sa Panginoon tuwina.



Unang Pagbasa: Jeremias 17:5-10

Ebanghelyo: Lucas 16:19-31

May isang mayaman na nakabihis ng magarang damit at pinong linen at parang piyesta ang kanyang buhay sa araw-araw.

Nakahandusay naman sa may pintuan niya ang isang dukhang nagngangalang Lazaro. Tadtad siya ng mga sugat at gusto sana niyang kainin ang mumong nahuhulog sa hapag ng mayaman; sa halip ay mga aso ang lumalapit sa kanya at hinihimuran ang kanyang mga sugat. At namatay ang dukha at dinala siya ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin naman ang mayaman at inilibing. Nang nasa impiyerno na siya, tumingala siya sa kanyang pagdurusa at natanaw sa malayo si Abraham at si Lazaro sa piling nito. Kaya sumigaw siya: 'Amang Abraham, maawa ka sa akin at utusan mo naman si Lazaro na isawsaw niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri para paginhawahin ang aking dila dahil lubha akong naghihirap sa lagablab na ito.'

Sumagot si Abraham: 'Anak, alalahanin mong tinanggap mo na sa buhay mo ang mabuti sa iyo at kay Lazaro naman ang masasama. Kaya siya ngayon ang nasa ginhawa at ikaw ang nagdurusa. At isa pa'y malawak na kabundukang di matatawid ang itinakda sa pagitan natin. Kaya hindi makatatawid ang mga may gustong pumunta riyan galing dito, at hindi rin naman makatatawid ang mula riyan papunta rito.'

Sumagot ang mayaman: 'Kaya ipinakikiusap ko sa iyo, Ama, na papuntahin mo si Lazaro sa bahay ng aking ama, kung saan naroon ang lima kong kapatid para babalaan sila upang di sila mapunta sa lugar na ito ng pagdurusa.' Sumagot si Abraham: 'Nasa kanila si Moises at ang mga propeta, makinig sila sa mga ito.' Sinabi niya: 'Hindi gayon, Amang Abraham; kung isa sa mga patay ang pupunta sa kanila, magsisisi sila.'

Sinabi ni Abraham: 'Kung hindi nila pakikanggan si Moises at ang mga propeta, bumanong man ang isa sa mga patay ay hindi pa rin sila maniniwala.'"

PARISH FIESTA: Mother of the Redeemer Parish

DATE OF ESTABLISHMENT: 1991, Christ the King Parish- Filinvest II

Pagmamasisid

Marami ba kayong nakikitang mayaman na parang piyesta ang buhay araw-araw, at mga dukha na halos walang makain?

Paghahawi

May mayaman na parang piyesta ang buhay araw-araw. Nakahandusay sa may pintuan niya ang dukhang Lazaro na tadtad ng sugat at gustong kainin ang mumong nahuhulog sa hapag ng mayaman, subalit nauunahan ng mga aso. Namatay si Lazaro, at nadala sa piling ni Abraham.

Sabi ni Abraham sa yumaong mayaman na naghihirap sa lugar na may matinding lagablab: Hindi makatatawid mula sa lugar niya ang may gustong pumunta sa lugar ng mayaman. Hindi rin makatatawid mula sa lugar ng mayaman, papunta sa lugar ni Abraham.

Pagtatabas

Ano ang kahalagahan ng kayamanan sa mundo, kung ang kaluluwa natin pupunta sa matinding lagablab na walang hanggan?

Pagsasaayos

Mainam na tandaan na ang ating pagkilos habang buhay sa lupa, may kahihinatnan. Walang hanggang matinding apoy kung kasamaan ang umiiral sa ating buhay, o walang hanggang kaligayahan at kapayapaan sa piling ng Diyos sa langit, kung naisasabuhay natin ang mga turo at aral ng Panginoong Jesus.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming isalang-alang at isabuhay ang lahat ng aral Ninyo, upang makasama Kayo sa Inyong kaharian ng Ama.



IIKA-2 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 2 / (Ube)

Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne
(edad 14 pataas).

Salmo 105:16-17, 18-19, 20-21

*Gunitain nang malugod
ang dakilang gawa ng D'yos.*

Unang Pagbasa:

Genesis 37:3-4, 12-13a, 17b-28a

Ebanghelyo: Mateo 21:33-43, 45-46

Makinig kayo sa isa pang halimbawa: *May isang may-ari ng bahay na nagtanim ng ubasan; binakuran ang paligid nito, humukay para sa pisaan ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan. Pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at naglakbay sa malayo. Nang malapit na ang panahon ng ani, pinapunta ng may-ari ang kanyang mga katulong sa mga magsasaka para kubrahin ang kanyang bahagi sa ani. Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang kanyang mga katulong, binugbog ang isa, pinatay ang iba at binato ang ilan.*

Nagpadala uli ang may-ari ng marami pang katulong pero ganoon din ang ginawa ng mga magsasaka sa kanila.

Sa bandang huli, ipinadala na rin niya ang kanyang anak sa pag-aakalang 'lgagalang nila ang aking anak.' Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, inisip nilang 'Ito

ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang kanyang mana.' Kaya sinunggaban nila siya, at pinalayas sa ubasan at pinatay.

Ngayon, pagdating ng may-ari ng ubasan, ano ang gagawin niya sa mga magsasaka?" Sinabi nila sa kanya: "Hindi niya kaaawaan ang masasamang taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasakang magbibigay ng kanyang kaparte sa anihan."

At sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? '*Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at kahanga-hanga ang ating nakita.*' Kaya sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito.

Nang marinig ng mga punong-pari at mga Pariseo ang mga talinhagang ito, naunawaan nila na sila ang pinatutungkulan ni Jesus. Huhulihin na sana nila siya ngunit natakot sila sa mga tao na kumikilala sa kanya bilang propeta.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Noel V. Elorde

Pagmamaisid

Naranasan mo na bang ang taong ginawan mo ng kabutihan, ang isinukli kawalang galang at kasamaan?

Paghahawi

Sinabi ng nakikinig sa talinhaga ni Jesus tungkol sa may-ari ng ubasan at mga masamang magsasaka: "Hindi kaaawaan ng may-ari ang masasamang taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasakang magbibigay ng kanyang kaparte sa anihan."

Pagtatabas

Magiging masama rin ba akong magsasaka? Bakit?

Pagsasaayos

Ang masamang magsasaka tiyak na paaalisin at dadalhin sa pulis dahil sa pagpatay ng mga sugo ng may-ari ng ubasan. May mga taong hindi nagpasalamat sa mga kabutihang ibinigay sa kanila. Kawalan ba ito ng utang na loob o pagkabalag sa kabutihan ng kapwa?

May pagkakataon na hindi natin nakikita at pinapahalagahan ang kabutihan sa atin ng kapwa. Minsan naiisip pa natin na kailangan tayong tulungan sa ating pangangailangan, at nababalutan pa ng inggit, kaya't sa halip na magpasalamat sa kabutihan, sinisiraan o nilalagyan ng malisya ang pagtulong. Kabutihan ang kapalit ng kabutihang ating natatangap.

Pagdiriwang

Ama, turuan Niyo kaming makita ang kabutihan ng aming kapwa, at magpasalamat sa biyayang natanggap na mula rin sa Inyo.

IKA-2 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 2 / (Ube/Pula)

Santa Perpetua at Santa Felicidad

Salmo 103:1-2, 3-4, 9-10, 11-12

*Ang ating mahabaging D'yos
ay nagmamagandang-loob.*



Unang Pagbasa: Mikeas 7:14-15, 18-20

Ebanghelyo: Lucas 15:1-3, 11-32*

Lumapit kay Jesus ang lahat ng kolektor ng buwis at mga makasalanan para makinig. Kaya nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga guro ng Batas: "Tinatanggap niyan ang mga makasalanan at nakikisalo sa kanila." Kaya sinabi ni Jesus ang talinhagang ito sa kanila: Sinabi pa rin ni Jesus: "May isang taong may dalawang anak na lalaki. Sinabi ng bunso sa kanyang ama: 'Itay, ibigay na ninyo sa akin ang parte ko sa mana.' At hinati sa kanila ng ama ang ari-arian.

Pagkaraan ng ilang araw, tinipon ng bunso ang anak ang lahat ng kanya at naglakbay sa malayong lupain. Doon niya winaldas ang sa kanya sa maluwag na pamumuhay. Nang maubos na ang lahat sa kanya, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing 'yon at nagsimula siyang maghikahos. Kaya pumunta siya at namasukan sa isang tagaroon, at inutusan siyang mag-alaga ng mga baboy sa bukid nito. At gusto sana niyang punuin kahit na ng kaning-baboy ang kanyang tiyan pero wala namang magbigay sa kanya.

Noon siya natauhan at nag-isip: 'Gaano karaming arawan sa bahay ng aking ama na labis-labis ang pagkain at namamatay naman

ako dito sa gutom. Titindig ako, pupunta sa aking ama, at sasabihin ko sa kanya: 'Itay, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo. Hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo; ituring mo na akong isa sa iyong mga arawan.'

Kaya tumindig siya papunta sa kanyang ama. Malayo pa siya nang matanaw ng kanyang ama at naawa ito, patakbo nitong sinalubong ang anak, niyakap at hinalikan. Sinabi sa kanya ng anak: 'Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo; hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo.'

Pero sinabi ng ama sa kanyang mga utusan: 'Madali, dalhin ninyo ang dati niyang damit at ibihis sa kanya; suutan ninyo ng sinsing ang kanyang daliri at ng sapatos ang kanyang mga paa. Dalhin at katayin ang pinatabang guya, kumain tayo at magsaya sapagkat namatay na ang anak kong ito at nabuhay, nawala at natagpuan.' At nagsimula silang magdiwang.

Nasa bukid noon ang panganay na anak. Nang pauwi na siya at malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. Tinawag niya ang isa sa mga utusan at tinanong kung ano ang nangyari. Sinabi nito sa kanya: 'Nagbalik ang kapatid mo kaya ipinapatay ng iyong ama ang pinatabang guya dahil nabawi niya siyang buhay at di naano.' (...)

Pagmamasisi

Kapag nagkamali tayo, inaamin ba natin ang nagawa ng may pagsisisi?

Paghahawi

Malayo pa siya nang matanaw ng kanyang ama at naawa ito, patakbo nitong sinalubong ang anak, niyakap at hinalikan. Sinabi sa kanya ng anak: "Ama, nagkasala ako laban sa langit. at sa harap mo; hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo."

Pagtatabas

Katulad ba ako nang mapagwaldas na anak na babalik, at hihingi ng tawad sa aking ama?

Pagsasaayos

Marami sa atin nahihirapang aminin na nagkasala sa kapwa. Umiiral kung minsan ang kayabangan o sariling pagpapahalaga. Sasabihin pa na ang kapwa ang dahilan ng ating pagkasala.

Ang pag-amin na nagkasala tayo, ang unang hakbang ng pagsisisi. Bunga ito ng kababaang-loob. Nakikita natin ang ating kahinaan. Naghihintay lamang ang Ama sa ating pagbabalik-loob, pagsisisi, at paghingi ng Kanyang awa.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong awa at pagmamahal sa amin na paulit-ulit na nagkakasala sa Inyo. Umaasa kami sa Inyong kapatawaran.



Unang Pagbasa: Exodo 17:3-7

Ikalawang Pagbasa: Roma 5:1-2, 5-8

Ebanghelyo: Juan 4:5-42

Kaya dumating siya sa isang bayan ng Samaria na tinatawag na Sikar na malapit sa bukid na ibinigay ni Jacob kay Jose na kanyang anak. Naroon ang bukal ni Jacob. Dala ng pagod sa paglalakbay, basta na lamang naupo si Jesus sa may bukal. Magtatanghaling-tapat ang oras noon. May dumating na babaeng taga-Samaria para sumalok ng tubig at sinabi sa kanya ni Jesus: "Painumin mo ako." Pumunta na noon sa bayan ang kanyang mga alagad para bumili ng pagkain. Sumagot naman sa kanya ang babaeng Samaritana: "Judio ka, paano mo mahihingi sa akin, na babaeng Samaritana, na painumin kita?" (Sapagkat hindi nakikisalamuha ang mga Judio sa mga Samaritano.) Sinabi ni Jesus sa kanya: "Kung alam mo ang Kaloob ng Diyos at kung sino ang nagsasabi sa iyong 'Painumin mo ako!' hiningan mo sana siya at bibigyan ka sana niya ng tubig na buhay."

Sinabi sa kanya ng babae: "Wala po kayong panalok at malalim ang balon. Saan po galing ang inyong tubig na buhay? Mas may kakahayahan po ba kayo kaysa aming amang si Jacob? Siya mismo ang nagbigay sa amin ng balon at dito siya uminom pati na ang kanyang mga anak at mga kawan."

Sumagot si Jesus sa kanya: "Mauuhaw uli ang sinumang umiinom sa tubig na ito. Ngunit hindang hindi mauuhaw magpakailanman ang umiinom sa tubig na ibibigay ko sa kanya. Magiging isa ngang bukal sa kanya ang tubig na ibibigay ko, na bubukal tungo sa buhay na magpakailanman."

Sinabi sa kanya ng babae: "Ibigay po ninyo sa akin ang tubig na ito nang hindi na ako mauhaw ni magparoo't parito pa para sumalok dito." Sinabi ni Jesus sa kanya: "Hala, tawagin mo ang iyong asawa at pumarito." Sumagot ang babae: "Wala akong asawa." Sinabi naman sa kanya ni Jesus: "Mahusay ang sabi mong wala kang asawa, sapagkat nagkaroon ka ng limang lalaki, at hindi mo asawa ang lalaki mo ngayon. Totoo nga ang sinabi mo."

Sinabi sa kanya ng babae: "Sa pansin ko'y isa kayong propeta. Sa bundok na ito sumamba ang aming mga ninuno. Ngunit sinasabi ninyong mga Judio na ang Jerusalem ang lugar na dapat sambahan." Sagot sa kanya ni Jesus: "Maniwala ka sa akin, babae, na dumarating ang oras na sasamba kayo sa Ama at hindi na sasabihing sa bundok na ito ni sa Jerusalem. Sumasamba kayo nang walang alam; sumasamba naman kami nang may alam, dahil sa mga Judio galing ang kaligtasan. Ngunit dumarating ang oras at narito na nga, na sa espiritu at katotohanan sasamba sa Ama ang mga totoong sumasamba. Ganito nga ang hangad ng Ama sa mga sumasamba sa kanya. Espiritu ang Diyos, at sa espiritu at katotohanan dapat sumamba ang mga sumasamba sa kanya. Sinabi sa kanya ng babae: "Alam kong dumarating ang Mesiyas, ang tinatawag na Pinahiran. At pagdating niya, ihahayag niya sa amin ang tanang mga bagay." Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siya na siyang nangungusap sa iyo."

Sa sandaling ito, dumating ang kanyang mga alagad, at nagtaka sila't nakikipag-usap siya sa isang babae. Gayunma'y walang nagtanong: "Ano'ng hinahanap mo? o: Ba't ka nakikipag-usap sa kanya?" Iniwan ng babae ang kanyang tapayan at patakibong bumalik pabayan, at ipinagsabi niya sa mga tao: "Halikayo para makita ang isang taong nagsabi sa akin ng lahat kong ginawa. Hindi kaya ito ang Mesiyas?" Kaya lumabas sila ng bayan at pumunta sila sa kanya.

Samantala, pinakiusapan siya ng mga alagad: “Rabbi (o Guro), kumain ka na.” Sumagot naman si Jesus: “May makakain ako, pagkain itong hindi ninyo alam.” Kaya nag-usap-usap ang mga alagad: “May nagdala kaya sa kanya ng makakain.” Sinabi sa kanila ni Jesus: “Pagkain ko’y isagawa ang kalooban ng nagpadala sa akin at ganapin ang kanyang gawa. Di ba’t sinasabi n’yong ‘Apat na buwan na lang at anihan na? Pero sinasabi ko sa inyo: tumunghay kayo at masdan, namumuti na ang mga bukirin para anihin. Tumatanggap na ng upa ang mga taga-ani at nagtitipon ng bunga para sa buhay na magpakailanman. At magkasamang magagalak ang tagahasik at ang taga-ani. Totoo nga ang kasabihang iba ang naghahasik at iba ang nag-aani. Isinugo ko kayo para mag-ani sa hindi ninyo pinagpaguran. Iba ang nagpagod at kayo ang sumalo sa kanilang pagod.”

Mula sa bayang iyon, marami ang nagsimulang manalig sa kanya sa mga Samaritano dahil sa salita ng babaeng nagpatunay: Sinabi niya sa akin ang lahat kong ginawa.” Kaya pagdating sa kanya ng mga Samaritano, pinakiusapan nila siyang sa kanila lumagi. At lumagi siya roon nang dalawang araw. At mas marami pa ang mga naniwala dahil sa kanyang salita. At sinabi nila sa babae: “Hindi na dahil sa ‘yong pangungusap kaya kami nanalig dahil kami na mismo ang nakarinig, at kinikilala namin na totoo ngang siya ang Tagapagligtas ng mundo.”



“Ibigay po ninyo sa akin ang tubig na ito nang hindi na ako mauhaw ni magparoo’t parito pa para sumalok dito.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Noel B. Azupardo
SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Joseph M. Buslon

Pagmamasisid

Meron bang nag-aalok na tumulong mag-ani o mag-trabaho, dahil marami ito, ngunit kulang ang gagawa?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: “Tumatanggap ng upa ang mga taga-ani, at nagtitipon ng bunga para sa buhay na magpakailanman...magkasamang magagalak ang tagahasik at taga-ani. Totoo ang kasabihang, iba ang naghahasik, at iba ang nag-aani. Isinugo ko kayo para mag-ani sa hindi ninyo pinagpaguran. Iba ang nagpagod, at kayo ang sumalo sa kanilang pagod.”

Pagtatabas

Handa ba akong tumulong mag-ani o mangaral para sa buhay magpakailanman?

Pagsasaayos

Magandang balita ang maraming naghihintay na trabaho para sa naghahanap nito, upang mabuhay ang pamilya. Sa buhay espirituwal, may parokya na humihiling ang tao ng paghuhubog, dahil nais mapalalim ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Handa silang makinig sa malalim na talakayan ng salita ng Diyos, subalit kulang ang gumagawa nito.

May paghubog na programa ang Diyosesis ng Novaliches sa pagiging disipulo, punong-lingkod, katiwala, at misyonero, patungo sa buhay magpakailanman kasama ang Ama sa Langit. Ang mga aralin nakabatay sa Ebanghelyo at katuruan ng Simbahan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagkakataong mapalalim ang pananampalataya sa Inyo, maisabuhay at maibahagi ito sa kapwa.

Lunes
MARSO

09



IKA-3 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 3 / (Ube/Puti)

Santa Francisca na taga-Roma

Salmo 42:2, 3; 43:3, 4

*Aking kinasasabikan
ang Diyos na nabubuhay.*

Unang Pagbasa: 2 Hari 5:1-15b

Ebanghelyo: Lucas 4:24-30

At idinagdag niya: "Talagang sinasabi ko: Walang propetang katanggap-tanggap sa sarili niyang bayan. Tinitiyak ko sa inyo na maraming babaeng balo noon sa kapanahunan ni Elias nang sarhan ang langit sa loob ng tatlo't kalahating taon at nagkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. Gayon pa ma'y hindi ipinadala si Elias sa isa man sa kanila kundi sa babaeng balo ng Sarepta sa may Sidon. Marami ring mayketong sa Israel sa kapanahunan ni Propeta Eliseo pero wala sa kanilang pinagaling kundi ang Siriong si Naaman."

Napuno ng galit ang lahat sa sinagoga pagkarinig dito, tumindig sila at ipinagtulakan siya sa labas ng bayan. Dinala nila siya sa gilid ng burol na kinatatayuan ng kanilang bayan para ihulog. Ngunit dumaan siya sa gitna nila at umalis.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Arnil Gijan Carbon, CP

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang hindi paniwalaan at tanggapin ang inyong sinasabing totoo sa mga nasa paligid mo? Anong naramdaman mo?

Paghahawi

Wika ni Jesus: "...walang propetang katanggap-tanggap sa sarili niyang bayan."

Pagtatabas

May propeta ba sa ating parokya na tinatanggap ang sinasabi niya?

Pagsasaayos

Ang kura paroko natin isang propeta ng Ebanghelyo o Mabuting Balita na tinatanggap ng karamihan sa atin sa Parokya. Sa kultura natin, mas tanggap kung minsan ang sinabi ng dalubhasang dayuhan kaysa dalubhasang kababayan natin. Kung katotohanan ang ibinabahagi natin, hindi kailangan mabahala, kung hindi ito pinaniniwalaan, dahil sa bandang huli, mananaig ang totoo.

Kung turo at aral ni Jesus ang ibinabahagi natin sa kapwa, na hindi taliwas sa turo ng Simbahan, patuloy lang nating gawin ito, dahil Siya ang Katotohanan, Daan, at Buhay.

Pagdiriwang

Banal na Espiritu, bigyan Niyo kami ng lakas ng loob at tapang, upang magpatuloy kami sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita.

IKa-3 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 25:4-5ab, 6 at 7bk, 8 at 9

Poon, iyong gunitain
ang pag-ibig mo sa amin.



Martes
10 MARSO

Unang Pagbasa: Daniel 3:25, 34-43

Ebanghelyo: Mateo 18:21-35

Nagtanong naman si Pedro: "Panginoon, gaano kadalas ko naman dapat patawarin ang mga pagkukulang ng aking kapatid? Pitong beses ba?" Sumagot si Jesus: "Hindi, hindi pitong beses kundi pitumpu't pitong beses. Tungkol sa kaharian ng Langit ang kasaysayang ito. Isang hari ang nagpasyang pagbayarin ng utang ang kanyang mga utusan. Nang simulan niyang suriin ang kuwenta, ini-harap sa kanya ang isang may utang na sampung libong baretang ginto. Dahil walang maibayad sa kanya ang tao, iniutos ng panginoon na ipagbili at maging alipin siya kasama ng kanyang asawa, mga anak at mga ari-arian bilang bayad-utang.

At nagpatirapa sa paanan ng hari ang opisyal at sinabi: 'Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko.' Naawa sa kanya ang hari at hindi lamang siya pinalaya kundi kinansela pa ang kanyang utang. Pagkaalis ng opisyal na ito, nasalubong niya ang isa sa kanyang mga kasamahan na may utang namang sandaang barya sa kanya.

Sinunggaban niya ito sa leeg at halos sakalin habang sumisigaw ng 'Bayaran mo ang utang mo!' Nagpatirapa sa paanan niya ang kanyang kasamahan at nagsabi: 'Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko sa iyo.' Ngunit tumanggi siya at ipinakulong ito hanggang makabayad ng utang.

Labis na nalungkot ang iba nilang kapwalingkod nang makita ang nangyari. Kaya pinuntahan nila ang kanilang panginoon at ibinalita ang buong pangyayari. Ipinatawag naman niya ang opisyal at sinabi: 'Masamang utusan, pinatawad ko ang lahat ng iyong utang nang makiusap ka sa akin. Di ba dapat ay naawa ka rin sa iyong kasamahan gaya ng pagkaawa ko sa iyo?' Galit na galit ang panginoon kaya ibinigay niya ang kanyang utusan sa mga tagapagpahirap hanggang mabayaran nito ang lahat ng utang."

Idinagdag ni Jesus: "Ganito rin ang gagawin sa inyo ng aking Ama sa Langit kung hindi patatawarin ng bawat isa sa inyo mula sa puso ang kanyang kapatid."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1989, Mary the Queen Parish

Pagmamasiid

Marami sa atin ang hirap magpatawad sa kapwa, lalo na kung paulit-ulit nagkakasala sa atin.

Paghahawi

Nagtanong naman si Pedro: "Panginoon, gaano kadalas ko naman dapat patawarin ang mga pagkukulang ng aking kapatid? Pitong beses ba?" Sumagot si Jesus: "Hindi, hindi pitong beses kundi pitumpu't pitong beses."

Pagtatabas

Madali ba sa iyo ang magpatawad ng pagkukulang ng iyong kapatid o kapwa?

Pagsasaayos

Mula sa puso ang pagpapatawad. Mahirap ang magpatawad, kung nasaktan ka nang matindi. Alalahanin natin na palagi tayong pinatatawad ng Diyos sa ating kasalanan araw-araw. Mahigit sa pitumpu't pitong beses. Ito rin ang dahilan ng pagbubuwis ng buhay ni Jesus para sa kapatawaran ng ating kasalanan. Isabuhay natin ang tawag ng pagmamahal. Magpatawad tayo mula sa puso, mahirap man itong gawin.

Pagdiriwang

Ama, patawarin Niyo kami sa katigasan ng aming puso. Hindi kami makapagpatawad ng lubos sa nagkasala sa amin. Turuan Niyo kaming maging mababang-loob at tunay na magpatawad.



Unang Pagbasa:
Deuteronomio 4:1, 5-9

At ngayon, Israel, dinggin mo ang mga tuntunin at mga batas na itinuturo ko sa iyo, upang maisabuhay mo ang mga ito. At mabubuhay ka at makapapasok at maaangkin ang lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng Diyos ng iyong mga ninuno.

Tingnan ninyo, ayon sa iniutos sa akin ni Yaweng aking Diyos, itinuturo ko sa inyo ang mga tuntunin at mga batas upang maisabuhay ninyo ang mga ito sa lupaing pupuntahan ninyo para angkinin. Tuparin ninyo at isabuhay ang mga ito, sapagkat ito ang inyong dunong at talino sa harap ng mga bansa. Kapag narinig nila ang lahat ng tuntunin na ito, sasabihin nilang – Walang bayang sintalino at sindunong ng dakilang bansang ito. Sapagkat anong bansa ang napakadakila at may mga diyos na napakalapit sa kanila tulad sa atin ni Yaweng ating Diyos sa tuwing tatawag tayo sa kanya? At anong bansa ang napakadakila at may makatarungang mga tuntunin at mga batas tulad ng Batas na ito na ibinibigay ko sa iyo ngayon?

Subalit mag-ingat ka at ingatan ang iyong sarili, huwag mong kalilimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata ni iwawaglit ang mga ito sa iyong puso sa lahat ng araw ng iyong buhay. Ngunit ituro mo ang mga ito sa iyong mga anak at mga apo.

Ebanghelyo: Mateo 5:17-19

Huwag ninyong akalain na naparito ako para pawalang-bisa ang Batas at Mga Propeta. Naparito ako hindi para magpawalang-bisa kundi upang magbigay-kaganapan. At talagang sinasabi ko sa inyo: habang hindi nababago ang langit at lupa, hindi mababago ni isang kudlit o kuwit ng Batas: lahat ay matutupad.

Kung may lumabag sa pinakamaliit na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng ganoon sa mga tao, ituturing din siyang pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngunit kung may magsagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Rodrigo O. Vazquez

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Eleno G. Tepace

Pagmamaisid

Marunong ba tayong sumunod sa mga batas ng simbahan, paaralan at lipunan?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus huwag akalaing naparito Siya upang mapawalang-bisa ang kautusan at ang aral ng mga propeta. Dagdag Niya na naparito Siya, hindi para pa walang-bisa kundi ipaliwanag at ganapin ang mga ito.

Pagtatabas

Sa kabila ng maraming batas na sinusunod natin, ano ang pamantayan natin bilang mananampalataya sumusunod kay Jesus?

Pagsasaayos

Mahalaga na nasusunod natin ang mga batas na pinapatupad, upang magkaroon ng kaghinhawaan, hustisya, at kaayusan sa ating mga kapwa at lipunan. Sa atin, nagsisimula ito, at kapag magampanan natin ito, makakamit natin ang kaharian ng Langit.

Pagdiriwang

Ama, aming takbuhan at sandalan, basbasan Niyo kami, sa kabila ng aming pagkukulang, tulungan Niyo kami na masunod lagi ang Inyong Kalooban.

IKA-3 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 95:1-2, 6-7, 8-9

*Pangino'y inyong dinggin
huwag n'yo s'yang salungatin.*



Unang Pagbasa: Jeremias 7:23-28

Ebanghelyo: Lucas 11:14-23

Minsa'y nagpapalayas si Jesus ng isang demonyo at ito'y pipi. Nang lumabas na ang demonyo, nakapagsalita ang pipi at namangha ang mga tao. Ngunit sinabi ng ilan sa kanila: "Pinalalayas niya ang mga ito sa tulong ni Beelzebul na pinuno ng mga demonyo." Gusto naman ng iba na subukin si Jesus at humingi sila sa kanya ng isang tanda galing sa langit.

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa kanila: "Mabubuwag ang bawat kahariang nagkakahati-hati at magigiba roon ang mga sambahayan. Ngayon, kung nagkakahati-hati si Satanas, paano magtatagal ang kanyang kaharian? Di nga ba't sinasabi ninyo na nagpapalayas ako ng mga demonyo sa tulong ni Beelzebul?

Kung sa pamamagitan ni Beelzebul ako nagpapalayas ng mga demonyo, paano naman napalalayas ng inyong mga kaanib ang mga ito? Sila mismo ang nararapat sumagot sa inyo.

Sa daliri ng Diyos ako nagpapalayas ng mga demonyo kaya sumapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos. Kung sandatahang binabantayan ni Malakas ang kanyang palasyo, hindi magagambala ang kanyang mga pag-aari. Pero kung salakayin siya ng mas makapangyarihan sa kanya at talunin siya, maaagaw nito ang kanyang mga armas na kanyang inasahan at ipamamahagi ang kanyang mga ari-arian.

Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi nagtitipong kasama ko ay nagpapangalat.

Pagmamasid

Mabuti ba ako sa aking kapwa? Kung mabuti ako, anu-ano ang ginagawa ko?

Paghahawi

Napaalis ni Jesus ang demonyo sa isang pipi, at nakapagsalita ito. Paliwanag ni Jesus na sa daliri ng Diyos Siya nagpapalayas ng demonyo, kaya sumapit na sa atin ang Kaharian ng Diyos

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang ginagawang tulong ni Jesus sa mga tao?

Pagsasaayos

Marahil marami ang katulad ko na walang kakayahang magpagaling ng maysakit o magpaalis ng demonyo. Subalit, maari nating ipagdasal sila araw-araw, upang puntahan sila ng may kakayahang magpagaling o inatasan ng Simbahan na magpalayas ng demonyo. Makapangyarihan ang taimtim at di-makasaring panalangan sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Niyo kami ng lakas, at samahan Niyo kami sa pagtulong sa aming kapwang nangangailangan ng Inyong pagmamahal at awa.



IKA-3 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne
(edad 14 pataas).

Salmo 81:6k-8a, 8bk-9, 10-11ab, 14 at 17

*Tinig ko'y iyong pakinggan,
ang sabi ng Poong mahal.*

Unang Pagbasa: Oseas 14:2-10

Ebanghelyo: Marcos 12:28-34

May isang guro ng Batas na nakarinig sa pagtatalo nila. Nang mapansin niyang tama ang sagot ni Jesus sa mga Sadduseo, lumapit siya at nagtanong kay Jesus: "Ano ang una sa lahat ng utos?" Sumagot si Jesus na "Ito ang una: *Makinig nawa, O Israel! lisa lang ang Panginoong ating Diyos. At mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa, nang buo mong pag-iisip at nang buo mong lakas. At pangalawa naman ito: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito.*"

Kaya sinabi ng guro ng Batas: "Mabuti, Guro, totoo ang sinabi mong isa Siya at wala na maliban sa kanya. At ang mahalín siya nang buong puso at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at mahalín din ang kapwa gaya ng sarili ay mas mahalaga kaysa mga sinunog na handog at mga alay."

Nakita ni Jesus na tama ang sinabi nito kaya sinabi niya: "Hindi ka malayo sa kaha-rian ng Diyos." At wala nang nangahas mag-
tanong sa kanya.

Pagmamasid

Ano ang pinakamahalagang utos na dapat kong sundin o tupdin? Kaninong utos ito?

Paghahawi

Sa tanong ng Saduseo kung ano ang una sa mga utos ng Diyos, sumagot si Jesus: "Ito ang una: "Makinig nawa, O Israel! lisa lang ang Panginoong ating Diyos. Mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, kaluluwa, pag-iisip, at lakas. Pangalawa ito: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito."

Pagtatabas

Paano ba natin susundin ang mga utos ng Diyos, upang maging tapat tayong lingkod Niya?

Pagsasaayos

Tupdin natin ang sampung utos na ibinuod sa dalawang utos. Sa mga utos ang pag-ibig na may katarungan at pagsamba sa Diyos, na magiging daan sa ating kabutihan. Bahagi rin ang ating pakikipagtipan sa Kanya, ang daan sa kabanalan.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa dalawa o sampung utos Niyo. Tulungan Niyo kaming maging tapat sa pagtupad ng mga utos Niyo na mapapabalik-loob sa Inyo.

IKA-3 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 51:3-4, 18-19, 20-21ab

*Katapatan ang naisin
kalakip ng paghahain.*



Sabado
14 MARSO

Unang Pagbasa: Oseas 6:1-6

Halina, magbalik kay Yawe. Niluray niya tayo at pagagalingin din, sinaksak niya tayo, at bebendahan ang ating sugat.

Makalawang araw ay muli niya tayong bu-buhayin; sa ikatlong araw nama'y ibabangon niya tayo, at mabubuhay tayo sa piling niya.

Sisikapin nating makilala si Yawe. Ang pagdating niya'y sintiyak ng bukanliwayway; sisikat ang kanyang pagliligtas gaya ng liwanag; darating siya sa atin tulad ng ulan sa tagsibol, tulad ng ulang dumidilig sa lupa.

O Efraim, ano'ng gagawin ko sa iyo? O Juda, paano kita pakikitunguhan? Ang pag-ibig mo'y parang ulap sa umaga, parang hamog na madaling natutuyo. Kaya tinadtad kita sa aking mga propeta, at sinaksak sa mga salita ng aking bibig. Pagkat pag-ibig ang nais ko, hindi sakripisyo; pagkilala sa Diyos, hindi sinunog na handog.

Ebanghelyo: Lucas 18:9-14

Sinabi rin ni Jesus ang talinhagang ito tungkol sa ilang taong kumbinsido na mabuti sila at minamata naman ang iba: "Dalawang tao ang umakyat sa Templo para manalangin: Pariseo ang isa at publi-kano naman ang isa pa. Nakatayong nana-nalanging mag-isa ang Pariseo. Sinabi niya: 'O Diyos, salamat at hindi ako gaya ng ibang mga tao – mga magnanakaw, mandaraya, nakikiapid, o gaya ng kolektor ng buwis na iyan. Dalawang beses akong nag-aayuno isang linggo, nagbibigay ako ng ikapu sa lahat kong ari-arian.'

Nasa likuran naman ang kolektor ng buwis at hindi man lang makatingala sa langit. Dinadagukan niya ang dibdib sa pag-sasabing 'O Diyos, kaawaan mo ako na isang makasalanan.'

Sinasabi ko sa inyo na ito ang umuwing nasa grasya ng Diyos ngunit hindi ang isa. Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpa-pakataas at itataas naman ang nagpapaka-baba."

Pagmamasiid

Maituturing ba akong mapagkumbabang-tao?

Paghahawi

Kuwento ni Jesus na may dalawang taong nanalangin sa templo: isang Pariseo na nagmamataas, at isang makasalanang maniningil ng buwis na humihingi ng habag sa Diyos. Wika ni Jesus, kung sinuman ang nagpapakumbaba, siyang itataas, at kung sinuman ang nagmamataas, siyang ibaba.

Pagtatabas

Kapag nanalangin ako, isa ba akong mapagmataas o mapagkumbaba sa harapan Diyos?

Pagsasaayos

Kinalulugdan ng Diyos ang taong mababa at marunong magsisi sa maling nagawa, kagaya ng kolektor ng buwis na bukal ang pagsisisi, at lumapit sa Panginoon ng may kababaang-loob.

Pagdiriwang

Ama, nagsisi kami sa lahat ng aming maling nagawa at pagkukulang sa Inyo. Patawarin Niyo kami, at tulungang hindi na maulit ang pagkukulang at nagawang kasalanan.



Unang Pagbasa:

1 Samuel 16:1b, 6-7, 10-13a

Ikalawang Pagbasa: Efeso 5:8-14

Ebanghelyo: Juan 9:1-41*

Sa kanyang pagdaan, nakita niya ang isang taong ipinanganak na bulag. Tinanong siya ng kanyang mga alagad: "Rabbi, sino ang nagkasala at ipinanganak siyang bulag: siya ba o ang kanyang mga magulang?" Sumagot si Jesus: "Hindi dahil nagkasala ni ang kanyang mga magulang kundi upang mahayag ang mga gawa ng Diyos sa kanya. Kailangan nating gawin ang mga gawa ng nagpadala sa akin samantalang araw pa. Dumarating ang gabi at wala nang makagagawa. Habang nasa mundo ako, liwanag ako ng mundo."

Pagkasabi niya ng mga ito, lumura siya sa lupa at gumawa ng putik mula sa lura at nilagyan ng putik ang mga mata ng tao. At sinabi sa kanya: "Pumunta ka't at maghilamos sa palanguyan ng Siloam (na kung isasalin ay sinugo)." Kaya pumunta siya at naghilamos at umalis na nakakakita.

Kaya sinabi ng kanyang mga kapit-bahay at ng mga dating nakakapansin sa kanyang nagpapalimos: "Di ba't ito ang nakaupo at namamalimos?" Sinabi ng ilan: "Ito nga siya!" At sinabi naman ng iba: "Hindi! Kamukha lamang siya." Ngunit sabi niya: "Ako siya!" Kaya sinabi nila sa kanya: "Paano napadilat ang iyong mga mata?"

(...) Dinala nila siya sa mga Pariseo, siya na dating bulag. Araw ng Pahinga noon nang gumawa ng putik si Jesus at nagpadilat sa kanyang mga mata. Kaya muli siyang tinanong ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. At sinabi niya sa kanila: "Nilagyan niya ng putik ang aking mga mata at naghilamos ako at nakakita." Kaya sinabi ng ilan sa mga Pariseo: "Hindi mula sa Diyos ang taong iyon dahil hindi niya ipinangingilin ang Araw ng Pahinga." Ngunit sinabi naman ng iba: "Paanong magagawa ng taong makasalanan ang ganitong mga tanda?" At nahati sila.

Kaya sinabi nilang muli sa bulag: "Ikaw, ano'ng masasabi mo tungkol sa kanya pagkat mga mata mo ang pinadilat niya?" At sinabi niya: "Siya ang Propeta!" Hindi nga naniwala ang mga Judio na dati siyang bulag at nakakakita na, hanggang ipatawag nila ang mga magulang ng taong nakakita. At tinanong nila sila: "Ito ba ang inyong anak na sinasabi n'yong ipinanganak na bulag? Paano't nakakakita siya ngayon?" Kaya sumagot ang kanyang mga magulang: "Alam naming ito ang aming anak at ipinanganak siyang bulag. Pero hindi namin alam kung paano't ngayo'y nakakakita siya, at wala kaming kaalam-alam kung sino ang nagpadilat sa kanyang mga mata. Siya ang tanungin n'yo. May edad na siya at makapangungusap mismo tungkol sa kanyang sarili."

(...) Kaya makalawa nilang tinawag ang taong dating bulag at sinabi sa kanya: "Uman ka sa harap ng Diyos. Alam naming makasalanan ang taong ito."

Kaya sumagot siya: “Kung makasalanang siya, hindi ko alam. Iisa ang alam ko: bulag ako noon at ngayoy nakakakita.” Kaya sinabi nila sa kanya: “Ano’ng ginawa niya sa iyo? Paano niya pinadilat ang mga mata mo?” Sinagot niya sila: “Sinabi ko na sa inyo at ayaw n’yong makinig. Ano’t gusto n’yo na namang marinig? Hindi kaya gusto n’yo ring maging mga alagad niya?”

At nilait nila siya: “Alagad ka niya pero mga alagad kami ni Moises. Alam naming kay Moises nangusap ang Diyos pero hindi namin alam kung saan galing ang taong ito.”

Sumagot ang tao sa kanila: “Ito nga ang katakatak: hindi n’yo alam kung saan siya galing at pinadilat niya ang aking mga mata. Alam natin na hindi dinidinig ng diyos ang mga makasalanang pero kung merong maypitagan sa Diyos at ang kalooban niya ang ginagawa, dinidinig niya ito. Kailanma’y wala pang narinig na may nakapagdilat sa mga mata ng isang ipinanganak na bulag. Kung hindi siya galing sa Diyos, wala siyang anumang magagawa.”

Sumagot sila sa kanya: “Tinuturuan mo ba kami, ikaw na ipinanganak na tagos ng mga kasalanan?” At ipinagtabuyan nila siya palabas.

Narinig ni Jesus na ipinagtabuyan nila siya palabas. At pagkatagpo niya sa kanya, sinabi niya: “Nananalig ka ba sa Anak ng Tao?” Sumagot siya: “Sino po siya upang manalig ako sa kanya?” Sinabi ni Jesus: “Nakikita mo siya at siya ang nakikipag-usap sa iyo. (Aniya: “Nananalig ako, Panginoon.” At nagpatirapa siya sa kanyang paanan. At sinabi ni Jesus:)

Sa paghatol ako dumating sa mundong ito: makakakita ang mga walang paningin, at magiging bulag ang mga nakakakita.”

Narinig ito ng ilang Pariseo na nasa tabi ni Jesus at sinabi nila sa kanya: “E di bulag din kami?” Sumagot sa kanila si Jesus: “Kung sakaling bulag kayo, wala sana kayong kasalanan. Ngunit ngayong sinasabi n’yong ‘Nakakakita kami,’ namamalagi ang inyong kasalanan.”



“Kung sakaling bulag kayo, wala sana kayong kasalanan. Ngunit ngayong sinasabi n’yong ‘Nakakakita kami,’ namamalagi ang inyong kasalanan.”

Pagmamasid

Bulag-bulagan ba ako sa kabutihang nangyayari sa aking paligid?

Paghahawi

Sumagot si Jesus sa mga Pariseo: “Kung sakaling bulag kayo, wala sana kayong kasalanan, ngunit ngayong sinasabi ninyong nakakakita kayo, namamalagi ang inyong kasalanan.”

Pagtatabas

Bulag ba ako, o kagaya ng mga Pariseo na hindi makita na napapagaling ni Jesus ang bulag, dahil ginagawa Niya ang kalooban ng Diyos?

Pagsasaayos

Bilang tagasunod ni Jesus, kilala natin Siya - galing sa Ama, bugtong na Anak ng Ama, Diyos Anak, at walang bahid na kasalanan. Kung may pitagan tayo sa Diyos, at alam natin at ginagawa ang Kalooban ng Diyos, matutularan natin si Jesus sa paggawa nang mabuti para sa ating kapwa.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kami na laging makita si Jesus sa aming kapwa at magawa ang Kalooban Niyo sa kanila.

Lunes

MARSO

16



IKA-4 NA LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

Salmo 30:2 at 4, 5-6, 11-12a at 13b

Poong sa aki'y nagligtas,
ang dangal mo'y aking galak.

Unang Pagbasa: Isaías 65:17-21

Lumilikha ako ngayon ng bagong langit at bagong lupa, at ang mga dating bagay ay hindi na magugunita ni sasagi pang muli sa isip. Magalak kayo at malugod magpakailanman sa aking nililikha, sapagkat nililikha ko ang Jerusalem upang maging *Kagalakan* at ang kanyang bayan upang maging *Kaluguran*. Magalak ako sa Jerusalem at malulugod sa aking bayan.

Wala nang marinig doong tinig ng pagtangis at pag-iyak. Doo'y wala nang makikitang patay na sanggol na bagong panganak o matandang hindi nakahusto ng kanyang mga taon. Pagkat ang mamamatay na sandaang taong gulang ay ipapalagay na namatay sa kanyang kabataan, at ang sinumang hindi makarating sa edad na sandaan ay ituturing na isinumpa.

Magtatayo sila ng mga bahay at maninirahan doon, magtatanim ng mga ubasan at kakanin ang mga bunga ng mga iyon.

Ebanghelyo: Juan 4:43-54

Pagkatapos ng dalawang araw, umalis siya roon pa-Galilea. Nagpatunay nga mismo si Jesus na hindi pinararangalan ang isang propeta sa sariling bayan. Gayon pa man, pagdating niya sa Galilea, tinanggap siya ng mga Galileo dahil nasaksihan nila ang lahat ng ginawa niya sa Piyesta sa Jerusalem. Naroon nga rin sila mismo sa Piyesta.

Nagpunta siyang muli sa Kana ng Galilea, doon niya ginawang alak ang tubig. At nang-yari, na ang anak na lalaki ng isang opisyal ng hari ay maysakit sa Capernaum. Nang marinig niyang dumating si Jesus sa Galilea galing Judea, pinuntahan niya siya at ipinakiusap na lumusong at pagalingin ang kanyang anak na nasa bingit ng kamatayan.

Kaya sinabi sa kanya ni Jesus: "Hangga't hindi kayo nakakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, hindi kayo maniniwala." Sinabi naman sa kanya ng opisyal: "Lumusong kayo bago mamatay ang anak ko." At sinabi sa kanya ni Jesus: "Makauwi ka na. Buhay ang anak mo."

Naniwala ang tao sa salitang sinabi sa kanya ni Jesus at umuwi siya.

At habang palusong na siya, sinalubong siya ng kanyang mga alipin at sinabing buhay ang anak niya. Inalam niya sa kanila ang oras nang magsimula siyang umigi, at sinabi nila: "Kahapon po nang ala-una ng tanghali siya inibsan ng lagnat." Kaya nalaman ng ama na ito ang oras nang sabihin sa kanya ni Jesus: "Buhay ang anak mo." At naniwala siya at ang buo niyang sambayanan.

Ginawa ni Jesus ang ikalawang tandang ito pagkarating niya sa Galilea galing Judea.

Pagmamasid

Kaninong salita ang pinaniniwalaan mo?

Paghahawi

Nakiusap ang isang opisyal ng hari na pumunta si Jesus sa Capernaum bago mamatay ang anak niya. Sinabi sa kanya ni Jesus: "Makauwi ka na. Buhay ang anak mo." Naniwala ang tao, at umuwi siya.

Pagtatabas

Kung ako yung opisyal, maniniwala rin ba ako sa sinabi ni Jesus na buhay ang anak ko?

Pagsasaayos

Karaniwan, naniniwala tayo sa salita ng taong nagsasabi palagi ng totoo. Maniwala tayo kay Jesus, ang Katotohanan at ang buhay, ang banal na Diyos Anak. Magtiwala at manampalataya tayo sa kanya sapagkat may kapangyarihan Siyang ilayo sa kamatayan ang may sakit na nasa ibang lugar.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tunay na may kapangyarihan ang Iyong salita. Maunawaan nawa namin ang Iyong kapangyarihan at habag sa aming mahihina pa ang pananampalataya.

IKa-4 NA LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 4 / (Ube/Puti)

San Patricio

Salmo 46:2-3, 5-6, 8-9

Sa bayan ng Dakilang D'yos
batis n'ya'y may tuwang dulot.



Martes
17 MARSO

Unang Pagbasa: Ezekiel 47:1-9, 12

Ebanghelyo: Juan 5:1-16

Pagkatapos nito, may piyesta ng mga Judio at umahon pa-Jerusalem si Jesus. May isang palanguyan sa Jerusalem na Betzata ang tawag sa Hebreo, malapit sa Pintuan ng mga Tupa. May limang pasilyo ito na may bubong. Nakahandusay sa mga ito ang isang pulutong ng mga maysakit, mga bulag, mga pilay at mga lumpo (habang naghihintay sa pagkilos ng tubig. Sapagkat paminsan-minsa'y bumababa sa palanguyan ang Anghel ng Panginoon at kinakalawkaw ang tubig. At umiigi sa anumang sakit ang unang makalusong matapos makalawkaw ang tubig.).

At doo'y may taong tatlumpu't walong taon nang may sakit. Pagkakita ni Jesus dito na nakahandusay at pagkaalam niya na matagal na ito roon, sinabi niya sa kanya: "Gusto mo bang umigi?" Sumagot sa kanya ang maysakit: "Wala po akong taong makapaghahagis sa akin sa palanguyan kapag nakalawkaw na ang tubig. Habang paroon pa ako, may lumulusong nang una sa akin."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Bumangon ka, buhatin mo ang iyong higaan at maglakad-lakad!" At dagling umigi ang tao, at binuhat niya ang kanyang higaan at naglakad-lakad.

Araw nga ng Pahinga ang araw na iyon. Kaya sinabi ng mga Judio sa taong pinagaling: "Araw ng Pahinga ngayon at di ipinahihintulot na magbuhat ka ng higaan. Sumagot siya sa kanila: "Ang nagpaigi sa akin ang siyang nagsabi sa aking "Buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka." Tinanong nila siya: "Sino ang taong nagsabi sa iyong 'Magbuhat at maglakad-lakad?' Ngunit hindi alam ng pinagaling kung sino siya, sapagkat nakatalilis si Jesus dahil maraming tao sa lugar na iyon.

Pagkatapos nito, natagpuan siya ni Jesus sa Templo at sinabi niya sa kanya: "Hayan, maigi ka na. Huwag ka nang magkasala pa, at baka may masahol pang mangyari sa iyo." Umalis ang tao at sinabi sa mga Judio na si Jesus ang nagpaigi sa kanya. Dahil dito, inusig ng mga Judio si Jesus sapagkat sa Araw ng Pahinga niya ginawa ang mga ito.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Wilmer D. Samillano, Sch.P.

DATE OF ESTABLISHMENT: 2013, Parroquia de la Nuestra Señora dela Paz y Buen Viaje

Pagmamasisid

Ano ang tugon mo sa mga paghihirap ng iyong kapwa sa iyong paligid?

Pagbahawi

Pagkakita ni Jesus sa taong nakahandusay na tatlumpu't walong taong may sakit, sinabi sa kanya: "Gusto mo bang umigi?"... Sumagot ang maysakit na lagi siyang nauunahang pumunta sa nakakagamot na languyan. Sabi ni Jesus: "Bumangon ka, buhatin mo ang iyong higaan at maglakad-lakad!" Dagling umigi ang tao, binuhat ang kanyang higaan, at naglakad.

Pagtatabas

Naranasan mo na bang nauunahan ng iba dahil sa iyong sakit?

Pagsasaayos

Ang karamdaman hadlang sa gusto nating gawin at dati nating ginagawa. Purihin natin ang kapangyarihan at awa ni Jesus na magpagaling agad sa matagal nang may sakit sa pamamagitan lang ng salita. Walang imposible sa Diyos. Kailangan lang sumang-ayon tayo sa Kanyang nais na kagalingan natin. Makakatulong tayo sa kapwang naghihirap sa sakit sa pamamagitan ng paglapit sa kanya kay Jesus upang pagalingin siya.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, kahanga-hanga ang Iyong malaking awa sa maysakit at kakayahang magpagaling sa salita lamang. Salamat sa Ama na nagsugo sa Kanyang mahabaging Anak.



Unang Pagbasa: Isaías 49:8-15

Ebanghelyo: Juan 5:17-30

Sumagot naman si Jesus sa kanila: "Gumagawa pa rin ang aking Ama kaya gumagawa rin ako." Kaya lalo pang hinangad ng mga Judio na patayin siya dahil dito sapagkat hindi lamang niya nilalabag ang Araw ng Pahinga kundi sariling Ama pa ang tawag niya sa Diyos, at ipinapantay niya ang sarili sa Diyos.

Kaya sumagot si Jesus at sinabi sa kanila: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman sa sariling kusa ang Anak maliban sa nakikita niyang ginagawa ng Ama. Anuman ang gawin niya, ganoon din ang paggawa ng Anak. Sapagkat mahal ng Ama ang Anak, at itinuro niya sa kanya ang lahat niyang ginagawa. At mas mahalaga pang mga gawa ang ituturo niya kayat mamamangha kayo.

Ibinabangon nga ng Ama ang mga patay at binibigyang-buhay; gayundin naman binibigyang-buhay ng Anak ang sinumang loobin niya. At hinding-hindi nga hinahatulan ng Ama ang sinuman kundi ibinigay niya sa Anak ang buong paghatol at pararangalan ng lahat ang Anak gaya ng pagpaparangal nila sa Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Amang nagpadala sa kanya.

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na may buhay magpakailanman ang nakikinig sa aking salita at naniniwala sa nagpadala sa akin. Nakatawid na siya mula sa kamatayan tungo sa buhay, at hindi siya humahantong sa paghuhukom. Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na dumarating na ang oras, at ngayon na nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos at mabubuhay ang mga nakaririnig. May Buhay ang Ama sa kanyang sarili, gayundin naman, ibinigay niya sa Anak na magkaroon ng buhay sa kanyang sarili. At ibinigay din niya sa kanya ang kapangyarihang maghukom sapagkat anak siya ng tao.

Huwag n'yo na itong pagtakhan: dumarating ang oras na maririnig ng lahat ng nasa libingan ang tinig niya at magsisilabas sila: sa pagbangon sa buhay ang mga gumawa ng mabuti, at sa pagbangon naman sa kapa-hamakan ang mga gumawa ng masama.

Wala akong magagawa sa sariling kusa. Ayon sa naririnig ko ako naghuhukom. At matuwid ang paghuhukom ko dahil hindi sariling kalooban ang hangad ko kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Albert N. Delvo

DATE OF ESTABLISHMENT: 1992, Our Lady of the Annunciation Parish and Shrine of the Incarnation

Pagmamasiid

Sa iyong buhay, kaninong kalooban ang laging nasusunod?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus, "Wala akong magagawa sa sariling kusa... hindi sariling kalooban ang hangad ko, kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin."

Pagtatabas

Tulad ba tayo ni Jesus na kalooban ng Diyos ang hangad natin, hindi ang sariling kusa?

Pagsasaayos

Noong bata tayo, kadalasan, ang kalooban ng magulang ang nanaig sa ating buhay. Sapagkat sila din naman ang kumakatawan sa Diyos dito sa lupa. Ngayong malaki na tayo at may sarili nang pag iisip patuloy nating alamin ang kalooban ng Diyos sa ating buhay araw-araw, sa pamamagitan ng panalangin at pagninilay. Ang kalooban Niya pinkamabuti sa atin - hindi makasarili, ngunit maka-kapwa, makakabuti sa karamihan. Tinatawag tayo upang mabuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos, at magtiwala sa Kanyang plano sa ating buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, gabayan Niyo kaming mapalalim ang aming ugnayan sa Diyos Ama, at maisabuhay ang kalooban Niya.

**DAKILANG KAPISTAHAN NI SAN JOSE,
KABIYAK NG MAHAL NA BIRHENG MARIA**

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 89:2-3, 4-5, 27 at 29

Ang anak ni David

ay mabubuhay magpakailanman.



Huwebes
19 MARSO

Unang Pagbasa:

2 Samuel 7:4-5a, 12-14a, 16

Ikalawang Pagbasa:

Roma 4:13, 16-18, 22

**Ebanghelyo: Mateo 1:16, 18-21, 24a
(o Lucas 2:41-51a)**

S Jacob ang ama ni Jose – ang asawa ni Maria na siyang pinagmulan ni Jesus na tinawag na Kristo.

Ganito ipinanganak si Jesucristo. Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang inang si Maria pero bago sila nagsama bilang mag-asawa, nagdadalantao na siya gawa ng Espiritu Santo.

Kaya binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid nga siya at ayaw niya itong mapahiya.

Habang iniisip-isip niya ito, napakita sa kanya sa panaginip ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espiritu Santo kaya siya naglihi, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki, na pangangalanan mong Jesus sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.”

Kaya pagkagising ni Jose, ginawa niya ang sinabi ng Anghel ng Panginoon at tinanggap niya ang kanyang asawa.

PARISH FIESTA: San Jose Amang Mapagkalinga Parish

Pagmamasisid

Sino ang maaring makapagpalit ng iyong pananaw?

Paghahawi

Pagkagising ni Jose, ginawa niya ang sinabi ng Anghel ng Panginoon, at tinanggap niya ang kanyang asawa.

Pagtatabas

Tulad ba ako ni San Jose na susunod sa ninanais ng Diyos?

Pagsasaayos

Masunurin sa Diyos ang mga anghel sa Langit. Malaki ang tiwala ni San Jose sa anghel bilang sugo ng Diyos at gabay niya sa mabuting buhay. Nakita natin ang pagkamasunurin ni San Jose. Ginawa niya ng agad-agad ang sinabi ng anghel na higit sa handog, ang pagsunod sa Diyos,

Pagdiriwang

Mahal naming Ama, tulungan mo po kaming masunod namin ang loob Mo dito sa lupa, para nang sa Langit.

Biyernes
MARSO

20



IKA-4 NA LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

*Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne
(edad 14 pataas).*

Salmo 34:17-18, 19-20, 21 at 23

*Sa D'yos hindi mabibigo
ang mga nasisiphayo.*

Unang Pagbasa:

Karunungan 2:1a, 12-22*

Ebanghelyo: Juan 7:1-2, 10, 25-30

Pagkatapos nito, naglibot si Jesus sa Galilea. Ayaw niyang maglibot sa Judea dahil balak siyang patayin ng mga Judio. Malapit na ang piyesta ng mga Judio, ang piyesta ng mga Kubol.

Pagkaahon ng kanyang mga kapatid sa piyesta, umahon din naman siya pero palihim at hindi lantad. Kaya sinabi ng ilang taga-Jerusalem: "Di ba't ito ang balak nilang patayin? Pero tingnan n'yo't lantaran siyang nangungusap, at wala silang anumang sinasabi sa kanya. Alam nga kaya ng mga pinuno na siya ang Kristo? Pero alam natin kung saan siya galing. Ngunit pagdating ng Kristo, walang makaaalam kung saan siya galing."

Kaya nang mangaral si Jesus sa Templo, pasigaw niyang sinabi: "Kilala n'yo nga ako at alam n'yo kung saan ako galing! Ngunit hindi ako pumarito sa ganang sarili ko. Ipinadala ako ng Totoo na hindi n'yo kilala. Kilala ko siya pagkat sa kanya ako galing at siya ang nagsugo sa akin."

Balak nilang dakpin siya ngunit walang nagbuhat sa kanya ng kamay sapagkat hindi pa sumasapit ang kanyang oras.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Ferdinand C. Dulong

Pagmamaisid

Ano ang batayan mo, bago maniwala sa sinasabi ng isang isinugo sa iyo?

Paghahawi

Nangaral si Jesus sa Templo: "Kilala n'yo nga ako at alam n'yo kung saan ako galing! Ngunit hindi ako pumarito sa ganang sarili ko. Ipinadala ako ng Totoo na hindi n'yo kilala. Kilala ko siya pagkat sa kanya ako galing, at siya ang nagsugo sa akin."

Pagtatabas

Lubos ba ang paniniwala ko sa mga aral at turo ni Jesus bilang sugo ng Ama? Mas nakilala ko ba ang Ama dahil kay Jesus?

Pagsasaayos

Mas madaling maniwala sa katotohanan ng sinasabi ng isang sugo, kung kilala niyo siya at kung sino ang nagpadala sa kanya. Maging mapanuri sa mga sugo at mensahe nila, upang hindi mapahamak sa kasinungalingan.

Bilang Kristiyano, lubos ang aking paniniwala sa mga turo at aral ni Jesus. Dahil lahat ng sinabi Niya galing sa Ama, at mga ginawa ni Jesus, utos din ng Ama, malakas at napakalapit ang ugnayan ni Jesus at ng Ama.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, Kayo ang Katotohanan. Tulungan Niyo kaming pagnilayan at yakapin ang katotohanan galing sa Inyo at ng Ama.

IKa-4 NA LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

Salmo 7:2-3, 9bk-10, 11-12

Panginoon, aking Diyos,
pag-asa ko sa yo'y lubos.



Sabado
21 MARSO

Unang Pagbasa: Jeremias 11:18-20

Ibinunyag ito sa akin ni Yawe at nalaman ko! Ipinakita mo sa akin ang kanilang pakana: "Mag-ingat ka, nagtataksil sa iyo maging sarili mong mga kapatid at kaanak at tinutuligsa ka nila sa iyong likuran. Huwag kang magtiwala sa kanila sa mahusay na paglapit nila sa iyo."

Ngunit para akong maamong tupa na dinadala sa katayan. Hindi ko alam na laban sa akin ang kanilang pakana. "Pakainin natin siya ng mga pagsubok at alisin siya sa lupain ng mga buhay at nang hindi na mabanggit pa ang kanyang pangalan." Yawe ng mga Hukbo, makatarungan kang naghuhukom, at kilala ang bawat isa sa kanyang puso at mga layunin, ipakita sa akin ang paghihiganti mo laban sa kanila, sapagkat sa iyo ko ipinagkatiwala ang aking simulain.

Ebanghelyo: Juan 7:40-53

Kaya sa maraming taong nakarinig sa mga salitang ito: "Totoo ngang ito ang Propeta." Sinabi naman ng iba: "Ito ang Mesiyas." Ngunit sinabi ng iba pa: "Sa Galilea ba manggagaling ang Mesiyas? Di ba't sinabi ng Kasulatan, na sa binhi ni David at mula sa Betlehem na nayon ni David galing ang Kristo?" Kaya nahati ang mga tao dahil sa kanya. Balak ng ilan sa kanila na dakpin siya ngunit walang nagbuhat sa kanya ng kamay.

Kaya nagbalik ang mga bantay ng Templo sa mga punong-pari at mga Pariseo, at sinabi naman ng mga ito sa kanila: "Ba't di n'yo siya dala?" Sumagot ang mga bantay: "Kailan-ma'y wala pang taong nangusap gaya ng pangungusap ng taong ito." Kaya sinagot sila ng mga Pariseo: "Nalinlang din pala kayo! May mga pinuno ba o Pariseong nanalig sa kanya? Pero ang mga taong ito na hindi alam ang Batas: mga isinumpa sila!"

Nagsalita ang isa sa kanila, si Nicodemo. Siya ang nagpunta kay Jesus noong una. At sinabi niya: "Hinahatulan ba ng ating Batas ang sinuman nang hindi muna siya dinidinig para alamin ang kanyang ginagawa?" Sumagot sila sa kanya: "Taga-Galilea ka rin ba? Saliksikin mo't tingnan, mula Galilea'y walang lumilitaw na Propeta."

At umuwi ang bawat isa sa kanila.

Pagmamasiid

May kilala ka ba na hinatulan ng hindi muna nilitis?

Paghahawi

Tanong ni Jesus: "Labag sa ating Kautusan na hatulan ang isang tao nang hindi muna nililitis at inaalam kung ano ang kanyang ginawa, hindi ba?"

Pagtatabas

Ano ang sagot ko sa tanong ni Jesus? Sang-ayon ba ako sa Kanya?

Pagsasaayos

Sa Batas ng ating bansa, nililitis muna at isang tao bago siya hatulan. Subalit, may mga taong madaling humusga kahit hindi pa alam ang lahat na nangyari. Hindi matanggap nang marami si Jesus bilang propeta, dahil taga-Galilea Siya.

Naniniwala tayong tagasunod ni Jesus na higit Siya sa isang propeta. Bugtong na Anak ng Ama si Jesus – Diyos Anak, ating Panginoon, at Tagapagligtas ng sanlibutan. Palalimin natin ang ating ugnayan kay Jesus, upang matanggap at maisabuhay natin ang Kanyang mga aral at turo.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, hipuin Niyo ang aming mga puso, upang kaming mananampalatayang Katoliko, magpatunay sa aming kapwa na Kayo ang makapangyarihang Anak ng Diyos, aming Tagapagligtas.



Unang Pagbasa: Ezekiel 37:12-14

Ikalawang Pagbasa: Roma 8:8-11

Ebanghelyo: Juan 11:1-45

Ngayon, may isang maysakit na Lazaro ang pangalan. Taga-Betania siya, sa nayon ni Maria at ni Martang kapatid nito. Si Maria ang nagpahid ng pabango sa Panginoon at nagpunas ng kanyang buhok sa mga paa niya. At maysakit ang kapatid niyang si Lazaro. Kaya nagsugo ang magkapatid kay Jesus para sabihin: "Panginoon, maysakit ang iyong iniibig." Pagkarinig nito, sinabi ni Jesus: "Hindi tungo sa kamatayan ang pagkakasakit na ito kundi alang-alang sa ikaluluwalhati ng Diyos at luluwalhatiin ang Anak ng Tao sa pamamagitan nito."

Mahal ni Jesus si Marta at ang kapatid nitong babae at si Lazaro. Ngunit pagkarinig niyang may sakit ito, dalawang araw pa siyang namalagi sa lugar na iyon. Pagkaraan lamang nito saka niya sinabi sa mga alagad: "Tayo na uli sa Judea." Sinabi sa kanya ng mga alagad: "Rabbi, ngayon-ngayon lang eh pinagtatangkaan kang batuhin ng mga Judio, at pupunta ka uli roon?"

Sumagot si Jesus: "Di ba't labindalawang oras meron sa maghapon? Hindi natitisdod sinumang naglalakad sa araw sapagkat nakikita niya ang liwanag ng mundong ito. Ngunit natitisdod ang sinumang naglalakad sa gabi sapagkat wala sa kanya ang liwanag."

Sinabi niya ito at saka niya winika sa kanila: "Nahihimlay na ang kaibigan nating si Lazaro pero pupunta ako para gisingin siya." Kaya sinabi ng mga alagad sa kanya: "Panginoon, kung nahihimlay na siya, pagaling na siya." Ang pagkamatay niya ang tinutukoy ni Jesus.

Inakala naman nilang paghimlay na pagtulong ang sinasabi niya. Kaya noo'y lantarang sinabi sa kanila ni Jesus: "Patay na si Lazaro. Pero nagagalak ako para sa inyo at wala ako roon kaya maniniwala kayo. Puntahan natin siya." Kaya sinabi ni Tomas na tinaguriang Kambal sa kanyang mga kapwa-alagad: "Pumunta rin tayo at mamatay kasama niya."

Pagdating ni Jesus, apat na araw na palang nakalibing si Lazaro. Malapit ang Betania sa Jerusalem, halos tatlong kilometro ang layo. Marami sa mga Judio ang pumunta kina Marta at Maria para makiramay sa kanila sa kanilang kapatid.

Kaya pagkarinig ni Marta na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito. Si Maria naman ay nakaupo sa bahay. At sinabi ni Marta kay Jesus: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang kapatid ko. Ngunit kahit na ngayon, alam kong anuman ang hingin mo sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Babangon ang kapatid mo." Sinabi naman sa kanya ni Marta: "Alam ko na babangon siya sa pagkabuhay sa huling araw."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang pagkabuhay (at ang buhay.) Mabubuhay ang nananalig sa akin kahit na mamatay siya. Hinding-hindi mamamatay kailanman ang bawat nabubuhay at nananalig sa akin. Pinaniniwalaan mo ba ito?" Sinabi niya sa kanya: "Opo, Panginoon. Nananalig nga ako na ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, na dumarating sa mundo."

Pagkasabi nito, umalis siya at pabulong na tinawag si Mariang kapatid niya: "Narito ang Guro at tinatawag ka." Pagkarinig naman nito, madali itong tumindig at pumunta sa kanya.

Hindi pa nakararating si Jesus sa nayon kundi naroon pa kung saan siya sinalubong ni Marta. Nakita ng mga Judiong kasama ni Maria sa bahay at nakikiramay sa kanya na nagmamadali siyang tumayo at lumabas kaya nagsunuran sila sa kanya sa pag-aakalang papunta siya sa libingan upang doon humagulhol.


Pagkarating ni Maria sa kinaroroonan ni Jesus at pagkakita sa kanya, nagpatirapa siya sa paanan nito at nagwika sa kanya: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang aking kapatid." Kaya nang makita ni Jesus na humahagulhol siya pati ang mga Judiong nangagsisama sa kanya, nabagabag ang loob niya at naligalig ang sarili. At sinabi niya: "Saan n'yo siya inilagay?" Sinabi nila sa kanya: "Panginoon, halika't tingnan mo." Lumuha si Jesus.

Kaya sinabi ng mga Judio: "Tingnan n'yo kung gaano ang pag-ibig niya sa kanya." Sinabi naman ng ilan sa kanila: "Pinadilat nga niya ang mga mata ng bulag; hindi rin kaya niya magagawang huwag mamatay ang taong ito?"

Muling nabagabag ang sarili ni Jesus at dumating siya sa libingan. Isang yungib ito, at may batong nakatakip doon. Sinabi ni Jesus: "Alisin n'yo ang bato." Sinabi sa kanya ni Martang kapatid ng yumao: "Panginoon, nangangamoy na siya ngayon dahil apat na araw na." Sinabi sa kanya ni Jesus: "Di ba't sinabi ko sa iyo, na kung nananalig ka, masasaksihan mo ang kaluwalhatian ng Diyos?" At inalis nila ang bato.

Tumingala naman si Jesus – sinabi: "Ama, pinasasalamatan kita pagkat dininig mo ako. Alam kong lagi mo akong dinidinig ngunit dahil sa mga taong nakapaligid kaya ako nangusap upang manalig na sila na ikaw ang nagsugo sa akin." Pagkasabi niya nito, buong-lakas siyang sumigaw: "Lazaro, halika sa labas!" Lumabas ang namatay na natatalian ng telang panlibing ang mga paa at kamay, at napupuluputan din ng panyo ang mukha niya. At sinabi ni Jesus sa kanila: "Kalagan siya nang makalakad."

Kaya nanalig sa kanya ang marami sa mga Judiong pumunta kay Maria at nakasaksi sa kanyang ginawa.



"Ako siyang pagkabuhay (at ang buhay.) Mabubuhay ang nananalig sa akin kahit na mamatay siya."

Pagmamasid

Nakaranas ka ba ng himala sa buhay mo? Ano ito?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Marta: "Hindi ba sinabi ko sa iyo, na kung sasampalataya ka, makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?" Nanalingin si Jesus sa Ama, upang ang mga tao sa paligid sumampalataya na Siya ang sugo ng Ama. Sumigaw si Jesus nang malakas: "Lazaro, lumabas ka!" Lumabas ang patay.

Pagtatabas

Naranasan mo na bang ipinagkaloob ng Diyos ang panalangin mo na iligtas Niya sa kamatayan ang mahal mo sa buhay?

Pagsasaayos

Lahat ng tao humihiling at umaasa sa himala ng Diyos lalo na kung nanganganib ang buhay ng ating minamahal. Kalapig ng ating paghingi ng himala, ang ating pananalig sa kagandahang-loob at kalooban ng Diyos na matutupad ang ating kahilingan. Ang Diyos laging gumagawa ng mga dakilang bagay sa ating buhay. Kinakailangan lamang nating manalig at kumapit sa Kanya.

Pagdiriwang

Ama, turuan Niyo kami na magkaroon ng malalim na pananalig sa Inyong kapangyarihan at pagmamahal. Yumao man o hindi ang aming mahal sa buhay na hiniling naming iligtas Ninyo sa kamatayan, nagtitiwala kami na ang mangyayari, Kalooban Niyo, at makakabuti sa aming minamahal.

Lunes

MARSO

23



IKA-5 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube/Puti)

San Toribio de Mogrovejo

Salmo 23:1-3a, 3b-4, 5, 6

*Kahit sa daang madilim
Panginoon ko'y kapiling.*

Unang Pagbasa:

**Daniel 13:1-9, 15-17, 19-30, 33-62*
(o 13:41k-62)**

(...) Kaya hinatulan si Susana ng kamatayan. Napaiyak siya nang malakas. (...) Alam mo na di totoo ang sinabi nila. Mamamatay ba akong hindi ginawa ang kinatha nila sa kanilang kabuktutan?" Dininig ng Diyos si Susana. (...) Tumayo si Daniel sa gitna at nagsabi: "Napakahangal na ba ninyo, mga anak ng Israel, upang kondenahin ang isang kapatid nang walang pagsisiyasat at malinaw na ebidensya? Magsibalik kayo sa hukuman, pagkat nagsinungaling ang mga lalaking ito sa pagsaksi laban sa kanya." (...)

Sinabi ni Daniel sa mga tao: "Paghiwalayin ninyo ang mga ito at sisiyasatin ko silang isa-isa." (...) Nagsigawan sa galak ang buong asamblea at nagpuri sa Diyos na tumutulong sa umaasa sa kanya. Binalingan nila ang dalawang matanda na sa pagsisikap ni Daniel ay nabigyang-sala ng kanila na ring bibig. Alinsunod sa batas ni Moises, inilipat sa kanila ang hatol na ninais nilang igawad sa kanilang kapwa. (...) Sa ganyan naligtas ang buhay ng isang walang kasalanan.

Ebanghelyo: Juan 8:1-11

Pumunta naman si Jesus sa Bundok ng mga Olibo. Maaga siyang muli sa Templo, at naglapitan sa kanya ang lahat ng tao, at pagkaupo niya'y, nangaral siya sa kanila.

Dinala naman ng mga guro ng Batas at ng mga Pariseo ang isang babaeng huling-huli sa pakikiapid. Pinatayo nila siya sa gitna, at sinabi nila kay Jesus: "Guro, huling-huli sa akto ang babaeng ito na nakikiapid. Iniutos sa amin ni Moises sa Batas na batuhin ang ganitong mga babae; ano naman ang sabi mo?" Sinabi nila ito bilang pagsubok sa kanya upang may maiparatang sila sa kanya.

Yumuko naman si Jesus at nagsulat sa lupa sa pamamagitan ng kanyang daliri. Nang magpatuloy sila sa pagtatanong sa kanya, tumindig siya at sinabi sa kanila: "Ang walang sala sa inyo ang unang bumato sa kanya." At muli siyang yumuko at nagsulat sa lupa.

Ang mga nakarinig nama'y isa-isang nag-alisan mula sa matatanda, at naiwan siyang mag-isa pati ang babae na nasa gitna. Tumindig si Jesus, at sinabi sa kanila: "Babae, nasaan sila? Wala bang humatol sa iyo?" At sinabi niya: "Wala, Panginoon." Sinabi ni Jesus: "Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka at mula ngayo'y, huwag nang magkasala pa."

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Carlos L. Aldema (Retired) | Rev. Fr. Ralph V. Mestosamente

Pagmamasad

May mabigat na kasalanan na ba akong nagawa? Ano ang pakiramdam ko ukol dito?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa babae na babatuhin dahil sa pangangalunya: "Kahit ako man, hindi hahatol sa iyo. Humayo ka, at huwag ng magkasalang muli."

Pagtatabas

Tinutupad ko ba ang mga salita ni Jesus na huwag nang magkasala muli?

Pagsasaayos

Maawain at mapagpatawad ang Diyos sa ating pagkakasala. Laging binibigyan tayo ng pagkakataong magsisi at magbago. Huwag natin ipagpaliban ang pagsisi at pagkumpisal nito sa pari, dahil hindi natin alam hanggang kailan ang ating buhay.

Pagdiriwang

Ama, ang Inyong awa at kapatawaran ang aming hiling. Tulungan Niyo kaming iwasan ang paghatol sa kapwa, magsisi, at magbalik-loob sa Inyo agad.

IKA-5 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 102:2-3, 16-18, 19-21

*Dinggin mo ang aking dasal,
pagsamo ko'y paunlakan.*



Martes

24 MARSO

Unang Pagbasa: Mga Bilang 21:4-9*

(...) At nagpadala si Yawe ng mga ahas na “apuy-apuyan” laban sa kanila. Tinuklaw ng mga ito ang sambayanan at marami sa mga Israelita ang namatay. Pinuntahan ng sambayanan si Moises at sinabi: “Nagkasala kami sa pagsasalita nang laban kay Yawe at sa iyo. Ipakiusap mo kay Yawe na alisin na sa amin ang mga ahas.”

Nanalangin si Moises para sa sambayanan, at sinabi sa kanya ni Yawe: “Gumawa ka ng isang ahas na ‘apuy-apuyan’ at ilagay sa isang poste, at mabubuhay ang sinumang natuklaw ng ahas at tumingin dito.”

Kaya gumawa si Moises ng isang ahas na tanso at inilagay iyon sa isang poste. At tumingin sa ahas na tanso ang sinumang natuklaw ng mga ahas, at siya’y nabuhay.

Ebanghelyo: Juan 8:21-30

Sinabi niyong muli sa kanila: “Aalis ako at hahanapin ninyo ako, at sa inyong kasalanan kayo mamamatay. Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon.” Kaya sinabi ng mga Judio: “Magpapakamatay kaya siya kaya niya sinasabing ‘Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon?’”

At sinabi ni Jesus sa kanila: “Taga-ibaba kayo; taga-itaas naman ako. Taga-mundong ito kayo. Hindi ako taga-mundong ito. Kaya sinabi ko sa inyo na sa inyong mga kasalanan kayo mamamatay. Sa inyong mga kasalanan nga kayo mamamatay kung hindi kayo maniniwalang Ako Siya.

At sinabi nila sa kanya: “Sino ka ba?” sinabi naman sa kanila ni Jesus: “Ba’t pa kaya ako mangungusap sa inyo? Marami akong masasabi at mahuhukuman tungkol sa inyo. Totoo nga ang nagpadala sa akin; at ang narinig ko mula sa kanya – ang mga ito ang sinasabi ko sa mundo.”

Hindi nila naintindihan na ang Ama ang tinutukoy niya. At sinabi ni Jesus: “Kapag itinaas ninyo ang Anak ng Tao, maiintindihan ninyong Ako siya at wala akong ginagawa sa ganang sarili ko kundi ayon sa iniaral sa aking ng Ama – ang mga ito ang aking sinasabi. Kasama ko nga ang nagpadala sa akin at hindi niya ako iniwang nag-iisa pagkat lagi kong ginagawa ang mga kalugud-lugod sa kanya.”

Habang sinasabi ito ni Jesus, marami ang nanalig sa kanya.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Daniel Allan D. Samonte

DATE OF ESTABLISHMENT: 1998, Holy Spirit Parish (Pangarap)

Pagmamasiid

Paano ko nakikilala ang isang tao?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga Judio: “Siya na nagsugo sa akin, totoo. Kung ano ang narinig ko mula sa kaniya, sinasabi ko sa sanlibutan...Hindi ako iniwang mag-isa ng Ama, sapagkat lagi kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa kanya.”

Pagtatabas

Ano ang pagkakakilala ko kay Jesus?


Pagsasaayos

Marapat nating pakinggan, isabuhay at ibahagi ang mga katuruan ni Jesus, sapagkat kaakibat tayo ng Kanyang misyon. Tayong lahat, isinugo rin ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, patuloy Niyo kaming bigyan ng pagkakataong makilala si Jesus, maibahagi ang Kanyang katuruan at ginawa, at maging laging kalugod-lugod sa Iyo.

Miyerkules MARSO 25



**DAKILANG KAPISTAHAN NG
PAGPAPAHAYAG NG MAGANDANG
BALITA TUNGKOL SA PANGINOON**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 40:7-8a, 8b-9, 10, 11
*Handa akong naririto
upang sundin ang loob mo.*

Unang Pagbasa: Isaías 7:10-14; 8:10

Ikalawang Pagbasa: Hebreo 10:4-10

Ebanghelyo: Lucas 1:26-38

Sa ikaanim na buwan, isinugo ng Diyos ang Anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea na tinatawag na Nazaret. Sinugo ito sa isang birhen na ipinagkasundo na sa isang lalaking nagngangalang Jose mula sa sambahayan ni David; at Maria naman ang pangalan ng birhen.

Pumasok ang anghel at sinabi sa kanya: “Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon.” Nabagabag naman si Maria dahil sa pananalitang ito at pinagwari kung ano ang pagbating ito.

At sinabi ng anghel sa kanya: “Huwag kang matakot, Maria, dahil may magandang niloloob ang Diyos para sa iyo. At ngayo’y maglilihi ka at manganganak ng isang lalaki

na pangangalanan mong Jesus. Magiging dakila siya at tatawagin siyang Anak ng Kataas-taasan, at ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang ninunong si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman; talaga ngang walang katapusan ang kanyang paghahari.”

Sinabi ni Maria sa anghel: “Paanong mangyayari ito gayong di ako ginagalaw ng lalaki?” At sumagot sa kanya ang anghel: “Papanagot sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya magiging banal ang isisilang at tatawaging Anak ng Diyos. At nagdalantao naman ngayon ang pinsan mong si Elizabeth sa kabila ng kanyang katandaan, at siyang itinuturing na baog ay nasa ikaanim na buwan na. Wala ngang imposible sa Diyos.”

Sinabi naman ni Maria: “Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi.” At nilisan siya ng anghel.

PARISH FIESTA: Our Lady of the Annunciation Parish and Shrine of the Incarnation

Pagmamasiid

May pagkakataon ba na hindi nasunod ang plano ko sa buhay? Bakit?

Paghahawi

Binati ni Anghel Gabriel si Maria: “Magalak ka! Lubos kang kinalulugdan ng Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon!”

Pagtatabas

Masasabi rin kaya sa akin na lubos akong kinalulugdan ng Diyos?

Pagsasaayos

Ang lubos na kinalulugdan ng Diyos ang taong laging nasa presensiya Niya at gumagawa ng Kalooban Niya. May mga tao na ang plano ng Diyos para sa kanila, iba sa planong nais nila sa kanilang buhay. Isang halimbawa si Inang Maria na sumunod sa Kalooban ng Diyos. Alam ng Diyos ang makabubuti sa atin. Sumunod tayo at laging isaalang-alang ang Kalooban ng Diyos sa ating buhay.

Pagdiriwang

Ama, turuan Niyo kaming Inyong abang lingkod na matutong sumunod sa kalooban Niyo, katulad ni Maria na nagsabing, mangyari nawa sa kanya ang Inyong sinabi.

IKA-5 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 105:4-5, 6-7, 8-9

*Nasa isip ng Maykapal
ang tipan niya kailanman.*



Huwebes
26 MARSO

Unang Pagbasa: Genesis 17:3-9*

Nagpatirapa si Abram at sinabi sa kanya ng Diyos: *"Ito ang aking tipan sa iyo: magiging ama ka ng maraming bansa. Hindi ka na tatawaging Abram kundi Abraham, sapagkat gagawin kitang ama ng maraming bansa. Pabubungahin kita nang maraming-marami; gagawin kitang mga bansa; mga hari'y lilitaw mula sa iyo. At pagtitibayin ko ang aking tipan sa ating dalawa at sa iyong inapo, isang tipang panghabang panahon, sa lahat ng salinlahing susunod sa iyo: mula ngayon at magpakailanman, ako ang magiging Diyos mo at ng iyong mga inapong susunod sa iyo. (...)*

Ebanghelyo: Juan 8:51-59

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi niya papansinin ang kamatayan magpakailanman."

Kaya sinabi sa kanya ng mga Judio: "Alam na namin ngayon na may demonyo ka nga. Namatay si Abraham pati ang mga propeta at sinasabi mong 'Kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi siya lalasap ng kamatayan magpakailanman.' Mas dakila ka pa ba kaysa ama naming si Abraham na namatay? Nangamatay pati ang mga propeta. Sino ka ba sa akala mo?"

Sumagot si Jesus: "Kung ako ang pumupuri sa aking sarili, walang saysay ang aking pumuri. Ang ama ko ang pumupuri sa akin, siya na sinasabi n'yong 'Diyos namin.' Hindi n'yo siya kilala pero kilala ko siya. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, magiging sinungaling akong tulad n'yo. Pero kilala ko siya at isinasa-katuparan ko ang kanyang salita.

Nagalak ang inyong amang si Abraham at makikita niya ang Araw ko; nakita nga niya at siya'y natuwa."

Kaya sinabi ng mga Judio sa kanya: "Wala ka pang limampung taon at nakita mo na si Abraham?" Sinabi sa kanila ni Jesus: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, bago pa man si Abraham, ako na nga."

Kaya dumampot sila ng mga bato para ibato sa kanya. Pero nagtago si Jesus at umalis sa Templo.

Pagmamaisid

Ano ang nararamdaman mo kapag nakagawa ka ng kasalanan?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga Judio: "Kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi siya lalasap ng kamatayan magpakailanman."

Pagtatabas

Paano ka umiiwas sa kasalanan?

Pagsasaayos

Nagbibigay sigla ang presensiya ng Diyos sa atin., Hinihiwalay tayo ng kasalanan, sa presensiya ng Diyos, at nagdudulot pa ito ng kamatayan. Sikapin nating manatili sa Kanyang piling sa pamamagitan ng kabutihan, malasakit, at pagsasabuhay ng mga aral ni Jesus. Iwasan ang pagiging makasarili, at laging unahin ang kapakanan ng kapwa, lalo na ang nangangailangan.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming matupad lagi ang mga salita ni Jesus, upang makapiling namin Kayo sa buhay na walang hanggan sa Langit.



IKA-5 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne
(edad 14 pataas).

Salmo 18:2-3a, 3bk-4, 5-6, 7

*Sa kahirapa'y humibik,
at ako'y iyong dininig.*

Unang Pagbasa: Jeremias 20:10-13

Ebanghelyo: Juan 10:31-42

Muling dumampot ng mga bato ang mga Judio para batuhin siya. Sinagot sila ni Jesus: "Maraming mabubuting gawa mula sa Ama ang itinuro ko sa inyo. Dahil sa alin sa mga ito at binabato n'yo ako?" Sinagot siya ng mga Judio: "Binabato ka namin hindi dahil sa isang mabuting gawa kundi dahil sa paglapastangan, pagkat gayong tao ka, itinuturing mong Diyos ang iyong sarili." Sumagot sa kanila si Jesus: "Di ba't nasusulat sa inyong Batas: *Sinabi ko, mga diyos kayo?* Kaya tinawag na mga diyos ang mga kina-kausap ng salitang ito ng Diyos, at hindi mapawawalang-saysay ang Kasulatan. Kung gayon, bakit n'yo sinasabing lapastangan ako sinasabi kong Anak ako ng Diyos – ako na pinabanal ng Ama at sinugo sa mundo?"

Kung hindi ko tinatrabaho ang mga gawa ng aking Ama, huwag n'yo akong paniwalaan. Kung ginagawa ko naman, kahit na hindi kayo naniniwala sa akin, paniwalaan ninyo ang mga gawa. Kaya malalaman n'yo na nasa akin ang Ama at ako'y nasa Ama."

Kaya muli nilang pinagtangkaang dakpin siya ngunit nakatalilis siya sa kanilang kamay. At muli siyang lumayo pakabilang-ibayo ng Jordan sa lugar na pinagbibinyagan ni Juan sa simula. At doon siya namalagi. Marami ang pumunta sa kanya at kanilang sinabi: "Wala ngang ginawang tanda si Juan pero totoong lahat ang sinabi ni Juan tungkol sa kanya." At doo'y marami ang nanalig sa kanya.

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Elpidio R. De Peralta, Jr. | Rev. Fr. Christopher V. Santos

DATE OF ESTABLISHMENT: 2005, Our Lady of Guadalupe Parish

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang usigin ang iyong pananampalatayang Katoliko?

Paghahawi

Muling dumampot ng mga bato ang mga Judio para batuhin si Jesus. Wika ni Jesus: "Maraming mabubuting gawa mula sa Ama ang itinuro ko sa inyo. Dahil sa alin sa mga ito at binabato niyo ako?"

Pagtatabas

Nakahanda ka bang ipaglaban ang pananampalataya mo sa Diyos sa pag-uusig ng kapwa?

Pagsasaayos

Madaling ipaglaban ang pananampalataya kung ito'y malalim na naunawaan at isinabuhay. Kapag pinag-aralan natin ang mga turo ni Jesus at ibinahagi ang mabubuting karanasan ng pananampalataya, nagiging matibay ang ating paninindigan. Ngunit kung hindi tayo handa, at bigla tayong naharap sa pag-uusig, maaaring manghina ang ating pagtanggol sa pananampalataya.

Sa ganitong mga sandali, huwag tayong matinag. Manalangin tayo at humingi ng tulong sa Espiritu Santo upang mapanatili ang kapayapaan ng puso at kaliwanagan ng isip. Mas mainam ang mapayapang pag-uusap sa mga kapwa nating may ibang pananaw. Sa halip na makipagtalo, maging mabuting kaibigan tayo sa kanila—hindi sa pamamagitan ng argumento, kundi sa pagsasabuhay ng mga turo at aral ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, gabayan at tulungan Niyo kaming ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti at pagpapahayag ng katotohanan, sa kabila ng pag-uusig ng aming pananampalataya sa Inyo.

IKA-5 LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Jeremias 31:10, 11-12abkd, 13

*Pumapatnubay na Diyos
ay Pastol na kumukupkop.*



Unang Pagbasa: Ezekiel 37:21-28*

Ebanghelyo: Juan 11: 45-56

Kaya nanalig sa kanya ang marami sa mga Judiong pumunta kay Maria at nakasaksi sa kanyang ginawa. Pumunta naman sa mga Pariseo ang ilan sa kanila at sinabi ang mga ginawa ni Jesus.

Kaya tinipon ng mga punong-pari at ng mga Pariseo ang Mataas na Sanggunian (o Sanhedrin) at sinabi: “Ano’ng gagawin natin? Marami siyang ginagawang mga tanda. Kung pababayaang natin siyang paganito, mananalig sa kanya ang lahat at darating ang mga Romano at buburahin kapwa ang ating Banal na Lugar at ang ating bansa.”

At isa sa kanila, si Caifas na Punong-pari sa taong iyon, ang nagsabi: “Wala kayong kaalam-alam. Ni hindi n’yo naiintindihan na mas makabubuti sa inyo na isang tao ang mamatay alang-alang sa sambayanan kaysa mapahamak ang buong bansa.”

Hindi sa ganang sarili niya ito sinabi kundi bilang Punong-pari sa taong iyon nagprope-siya siyang mamamatay nga si Jesus alang-alang sa bansa, at hindi lamang alang-alang sa bansa kundi upang tipunin din at pag-isahin ang mga nakakalat na anak ng Diyos.

Kaya mula sa araw na iyon, pinagpasyahan nilang patayin siya. Kaya hindi na lantaranag naglibot si Jesus sa mga Judio, kundi umalis siya roon patungo sa lupaing malapit sa dis-yerto, sa isang bayang Efraim ang tawag, at doon siya tumigil kasama ang mga alagad.

Ngayon, malapit na ang Paskuwa ng mga Judio, at umahon pa-Jerusalem ang marami mula sa lalawigan bago mag-Paskuwa upang maglinis ng sarili. Hinahanap nila si Jesus at nang nasa templo na sila, sinabi nila sa isa’t isa: “Ano sa tingin ninyo? Hindi nga siya paririto sa piyesta?”

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Montecarlo M. Viloria | Rev. Fr. Wilmer D. Samillano, Sch.P.

Pagmamasisid

Ano ang kahalagahan sa iyo ng kamatayan ng isang bayani para sa bansa?

Paghahawi

Ang Punong-pari nagpropesiya na mamamatay si Jesus hindi lamang alang-alang sa bansa, kundi upang tipunin din at pag-isahin ang mga nakakalat na anak ng Diyos.

Pagtatabas

Isa ba ako sa mga nakakalat na anak ng Diyos na kailangang tipunin at pag-isahin?

Pagsasaayos

Hinahangaan at pinarangalan natin ang mga bayani na nag-alay ng buhay para sa kanilang bayan. Ngunit higit pa rito ang ginawa ni Jesus nag-alay Siya ng buhay hindi lamang para sa Israel, kundi para sa buong sanlibutan. Sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap at kamatayan sa Krus, maraming puso ang nahipo, maraming buhay ang nabago, at maraming tao ang natipon at napag-isa bilang isang sambayanang Kristiyyano.

Subalit, may mga Kristiyanong ipinagpapalit si Jesus sa makamundong bagay. Hindi alintana na mas mahalaga ang Diyos kaysa anumang bagay sa mundo.

Pagdiriwang

Ama, hipuin Mo ang aming isip at damdamin. Ipagkaloob Mo sa amin ang biyayang makapaglingkod sa Iyo sa paraan ni Jesus—may kababaang-loob, may katapatan, at may buong pusong pagmamahal. Amen.

D'yos ko! D'yos ko!
Bakit naman ako'y 'yong pinabayaan.

Sa unang araw ng Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura, lumapit kay Jesus ang mga alagad at sinabi sa kanya: “Saan mo kami gustong maghanda ng Hapunang Pampaskuwa para sa iyo?” Sumagot si Jesus: “Puntahan ninyo ang lalaking ito sa lunsod at sabihin sa kanya: ‘Sinasabi ng Guro: malapit na ang oras ko at sa bahay mo ako magdiriwang ng Paskuwa kasama ng aking mga alagad.’”

At ginawa ng mga alagad ang lahat ng iniutos ni Jesus at inihanda ang Paskuwa.

Pagkalubog ng araw, nasa hapag si Jesus kasama ng Labindalawa. Habang kumakain sila, sinabi ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." Lubha silang nalungkot at nagtanong ang bawat isa: "Ako ba, Panginoon?"

Sumagot siya: "Ang kasabay kong nagsawsaw ng tinapay sa plato ang magkakanulo sa akin. Patuloy sa kanyang daan ang Anak ng Tao ayon sa isinulat tungkol sa kanya ngunit kawawa ang nagkakanulo sa Anak ng Tao; mas mabuti pa para sa taong ito kung hindi na siya ipinanganak pa." Nagtanong din si Judas na magkakanulo sa kanya: "Ako ba, Guro?" Sumagot si Jesus: "Ikaw na ang nagsabi."

Habang sila'y kumakain, kinuha ni Jesus ang tinapay, at matapos magpuri sa Diyos, pinaghati-hati niya iyon at ibinigay sa mga alagad habang sinasabing "Kunin ninyo at kanin; ito ang aking katawan." Pagkatapos ay kinuha niya ang kalis, nagpasalamat siya at ibinigay sa kanila habang sinasabi: "Inumin ninyong lahat ito. Ano ang inyong pasya?" Sumagot sila: "Kamatayan ang dapat sa kanya!"



"Inumin ninyong lahat ito, sapagkat ito ang aking dugo, ang dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami, para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Antonio E. Labiao, Jr.

Pagmamasisid

May pagkakataon ba na may nais kang gawin, ngunit hindi kaya ng iyong katawan? Ano ito?

Paghahawi

Nakita ni Jesus na natutulog ang mga apostol, at sinabi Niya kay Pedro: "Hindi ba kayo makapagpuyat na kasama ko nang kahit isang oras lamang? Magpuyat at manalangin, para hindi kayo madaig ng tukso. Talagang masigasig ang espiritu, ngunit mahina ang laman."

Pagtatabas

Kung isa ako sa mga apostol, mahina rin ba ang aking katawan, upang magpuyat at manalangin, kahit masigasig ang aking espiritu na samahan ang Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

May mga sandaling nanghihina ang ating katawan, kahit masigasig tayong tumutupad sa ating tungkulin. Sa ganitong mga pagkakataon, nasusubok ang ating katapatan bilang mga tagasunod ni Jesus. Ngunit hindi tayo nag-iisa ipinaalala Niya sa atin na ang panalangin at sakripisyo ang sandata laban sa tukso.

Makikita sa Kanya ang tunay na puso ng isang punong-lingkod: maunawain, at mapagmalasakit. Hindi Niya pinaglatan ang mga apostol sa kanilang pagkatulog, kundi inunawa ang kanilang kahinaan.

Sa ganitong tagpo, nahahayag ang Kanyang awa at pagmamahal. Hindi lamang guro si Jesus, kundi kasama sa ating paglalakbay, mahinahon, mapagkalinga, at laging handang gumabay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa mabuting halimbawa at payo Niyo bilang punong-lingkod ng mga apostol.



Unang Pagbasa: Isaías 42:1-7

Narito ang lingkod ko na aking inaalalayan, ang aking hinirang na kinalulugdan ng aking kaluluwa. Inilagay ko sa kanya ang aking Espiritu, at maghahatid siya ng katarungan sa mga bansa. Hindi siya hihiyaw ni sisigaw, ni magtataas ng tinig sa mga lansangan. Hindi niya babaliin ang sirang tambo, ni papatayin ang sindi ng ilawang aandap-andap. Palilitawin niya ang katarungan sa katotohanan. Hindi siya mag-uurong-sulong o masisiraan ng loob hanggang maitatag niya ang katarungan sa lupa. Hinihintay ng mga pulo ang kanyang batas. Ito ang sabi ni Yaweng Diyos, ang lumikha at nagladlad ng langit, ang naglatag ng lupa at mga bunga nito, ang nagbigay ng hininga sa mga narito at ng buhay sa lahat ng gumagalaw dito. Akong si Yawe ang tumawag sa iyo dahil sa katarungan. Hahawakan kita sa kamay at iingat; gagawin kitang isang tipan para sa sambayanan at liwanag sa mga bansa, upang imulat ang mata ng mga bulag, palayain sa bilangguan ang mga bihag, at pakawalan sa kulungan ang mga nasa dilim.

Ebanghelyo: Juan 12:1-11*

Anim na araw bago mag-Paskuwa, pumunta si Jesus sa Betania, na kinaroroonan ni Lazaro na pinabangon ni Jesus mula sa mga patay. Kaya naghanda sila roon ng hapunan para sa kanya. Nagsilbi si Marta at kabilang naman sa mga kasalo niya ay si Lazaro. Kinuha si Maria ang isang librang mamahaling pabangong mula sa purong nardo at pinahiran ang mga paa ni Jesus at pinunasan ng kanyang buhok ang mga paa niya. At napuno ng halimuyak ng pabango ang pamamahay.

Sinabi ni Judas Iskariote na isa sa kanyang mga alagad na siyang magkakanulo sa kanya: "Ano't di ipinagbili nang tatlundaang denaryo ang pabangong ito para maibigay sa mga dukha." Sinabi niya ito hindi dahil may malasakit siya sa mga dukha kundi dahil magnanakaw siya; nasa kanya ang bulsa ng pananalapi at nangungupit siya sa inilagay doon. Kaya sinabi ni Jesus: "Pabayaan mo siya't inilaan niya ito para sa araw ng paglililing sa akin. Kasama ninyong lagi ang mga dukha ngunit hindi n'yoko ako laging kasama." (...)

Pagmamasid

Anong munting regalo sa iyo ang hindi mo makakalimutan? Bakit?

Paghahawi

Kumuha naman si Maria ng isang bote ng mamahaling pabangong galing sa katas ng dalisay na nardo, at ibinuho sa mga paa ni Jesus.

Pagtatabas

Sa paanong paraan natin maipapakita ang ating pagmamahal at paglilingkod sa Diyos?

Pagsasaayos

Maraming paraan ang pagpapakita ng pagmamahal at paglilingkod sa Diyos. Una rito ang pagsunod sa mga utos Niya na nagpapabanal sa atin. Pagmamahal sa kapwa para sa Diyos na walang hinihinging kapalit, kalugod-lugod din sa Kanya.

Hindi mahalaga kung gaano kalaki ang handog natin sa Diyos. Ang mahalaga, ang pagmamahal na kalakip nito. Tulad ng babaeng nagbuhos ng pabango sa paa ni Jesus. Kalugod-lugod sa Panginoon ang simpleng alay na galing sa puso. Sa bawat tahimik na sakripisyo at gawaing may pag-ibig, nagiging pabango tayo sa paanan ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, nawa ang kabutihan at paglilingkod namin sa Inyo masamahan ng kababaang-loob at pag-ibig, upang ang kabutihan at pagmamahal ang siyang humahalimuyak sa kapaligiran.

MARTES SANTO

Salteryo: Linggo 2 / (Ube)

Salmo 71:1-2, 3-4a, 5ab-6ab, 15 at 17

*Patuloy kong isasaysay
ang dulot mong kaligtasan.*



Unang Pagbasa: Isaias 49:1-6

Ebanghelyo: Juan 13:21-33, 36-38

Pagkasabi ng mga ito, nabagabag ang kalooban ni Jesus, at nagpatunay: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." Nagtinginan ang mga alagad at pinagtatahan kung sino ang tinutukoy niya. Nakahilig sa tabi ni Jesus ang isa sa kanyang mga alagad, ang mahal ni Jesus. Kaya tinanguan ito ni Simon Pedro para usisain si Jesus kung sino ang kanyang tinutukoy.

Kaya paghilig niya sa tabi ni Jesus, sinabi niya sa kanya: "Panginoon, sino ba iyon?" Sumagot si Jesus: "Siya iyong ipagsasawsaw ko ng kapisasong tinapay at siya kong bibigyan." At pagkasawsaw ng kapisasong tinapay, ibinigay niya iyon kay Judas, anak ni Simon Iskariote.

Kasunod ng kapisasong ito, pumasok sa kanya si Satanas. Kaya sinabi sa kanya ni Jesus: "Magmadali ka sa gagawin mo."

Walang nakaunawa sa mga nakahilig sa hapag kung ba't sinabi niya iyon sa kanya. Dahil nakay ni Judas ang bulsa, inakala ng ilan sa sinasabi sa kanya ni Jesus: "Bumili ka ng mga kailangan natin para sa Piyesta," o kaya'y mag-abuloy sa mga dukha.

Kaya pagkakuha niya sa kapisasong tinapay, agad siyang lumabas. Gabi noon.

Pagkalabas ni Judas, sinabi ni Jesus: "Niluwalhati na ngayon ang Anak ng Tao, at niluwalhati rin sa kanya ang Diyos. At agad naman siyang luluwalhatiin ng Diyos sa sarili nito.

Mga munting anak, sandali na lamang n'yo akong kasama. Hahanapin ninyo ako at gaya ng sinabi ko sa mga Judio sinasabi ko rin sa inyo ngayon, 'Kung saan ako papunta, hindi kayo makaparoroon.'

Sinabi sa kanya ni Simon Pedro: "Panginoon, saan ka papunta?" Sumagot si Jesus: "Hindi ka makasusunod ngayon sa akin saan ako papunta; susunod ka pagkatapos." Winika sa kanya ni Pedro: "Panginoon, bakit hindi ako makasusunod ngayon? Maialay ko ang aking buhay alang-alang sa iyo." Sumagot si Jesus: "Iaalay mo ang buhay mo alang-alang sa akin? Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo, hindang-hindi titilaok ang tandang hanggang makaitlo mo akong maitatua."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Marlou V. Lemaire

PARISH FIESTA: Parokya ng Pagkabuhay

Pagmamasiid

May mga kilos ba tayo na tila pagtatatwa sa Diyos, sa salita, sa katahimikan, sa takot?

Paghahawi

Sa huling hapunan, matapos ang pagbunyang ni Hesus na may magkakanulo sa Kanya, lumapit si Pedro na may matinding tapang at pagmamalasakit. Buong lakas-loob niyang sinabi, "Iaalay ko ang aking buhay para sa iyo." Ngunit tumugon si Hesus ng may kabatiran at habag: "Bago tumilaok ang manok, itatatwa mo Ako ng tatlong beses."

Pagtatabas

May ugali rin ba ako na matapang ngunit takot ipaglaban ang pananampalataya?

Pagsasaayos

Hindi paninisi ang tugon ni Jesus, kundi paanyaya sa pagkilala sa sariling kahinaan. Alam ni Hesus ang takot ni Pedro, ngunit hindi Niya ito ginamit upang itakwil siya. Sa halip, inihanda Niya ang puso ng alagad para sa paglalakbay, mula sa pagmamalaki patungo sa pagsunod, mula sa pagtatwa patungo sa pagiging pastol.

Paanyaya rin ito sa atin: yakapin ang habag ng Diyos na hindi tumitingin sa pagbagsak, kundi sa kakayahang bumangon.

Pagdiriwang

Panginoon, sa gitna ng aming kahinaan, tinatawag Mo kami. Tulungan Mo kaming maging tapat, hindi sa aming lakas, kundi sa iyong habag. Gawin Mo kaming pastol ng iyong bayan, saksi ng iyong pag-ibig. Amen.